# LUBUSIN ANG TAGUMPAY NG KILUSANG PAGWAWASTO AT LAHATANG-PANIG NA ISULONG ANG REBOLUSYONARYONG SIMULAIN

Mensahe ni Armando Liwanag
Tagapangulo, Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas
Disyembre 26, 1994

Ipagdiwang natin ang ika-26 na anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Muli nating panindigan ang ating kapasyahang maglingkod sa sambayanan at isulong ang rebolusyon. Parangalan natin ang ating mga martir at bayani sa kanilang halimbawa ng puspusang pakikibaka at pagpapakasakit, at ipagsaya natin ang mga tagumpay na natamo ng ating Partido.

Matatag, militante at matagumpay na ginagampanan ng ating Partido ang kanyang makasaysayang tungkulin bilang rebolusyonaryong taliba ng proletaryado na pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Tumpak nitong isinasanib ang proletaryo-rebolusyonaryong teoryang ito sa kongkretong kalagayan ng rebolusyong Pilipino, at pinamumunuan ang proletaryado at ang mga mamamayan sa sunud-sunod na mga tagumpay sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sapul noong 1992, matutunog na rebolusyonaryong tagumpay ang natamo ng ating Partido sa ikalawang dakilang kilusang pagwawasto laban sa suhetibismong petiburges at burges, rebisyunismo, "Kaliwa" at Kanang oportunismo, burukratismo, ultra-demokrasya at likidasyunismo. Napangibabawan natin sa saligan ang mga mayor na paglihis, kamalian, kahinaan at pinsalang mahigit na isang dekadang

inihasik ng mga di nakapagpanibagong-hubog na elementong petiburges, ng mga ayaw magwastong oportunista na ngayo'y nagtaksil na sa Partido at sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa proseso, naitaas natin ang kapasyahan at kakayahan ng Partido at ng sambayanan na lumaban sa rehimeng US-Ramos, sa buong lokal na naghaharing sistema at sa pandaigdig na sistemang kapitalista para sa kapakanan ng pambansang kalayaan at sosyalismo at sa ultimong layunin ng komunismo. Lalong sumigla at lumakas ang ating Partido.

Ang tagumpay natin sa ikalawang dakilang kilusang pagwawasto ay bunga ng rebolusyonaryong integridad at katapatan ng mga kadre at kasapi ng Partido, ng rebolusyonaryong katatagan at masigasig na suporta at partisipasyon ng rebolusyonaryong masa, gayon din ng lahatang-panig na lakas na natipon sa 26 na taon ng rebolusyonaryong pakikibaka, sa kabila ng pinsalang dulot ng mga maling linya mula 1980 hanggang 1992. Ang ating tagumpay ay kahambing ng tagumpay sa unang dakilang kilusang pagwawasto sa punto ng pagtataguyod sa mga batayang prinsipyong rebolusyonaryo at paggigiit sa proletaryong rebolusyonaryong linya laban sa burges na kontrarebolusyonaryong linyang burges ng mga Lava. Gayunman, ang batayan ng lakas natin ngayon ay higit na malaki at ang karanasan natin ay higit na mayaman kaysa noong mula 1967 hanggang 1972. Ang potensyal para sa ibayo pang mga tagumpay ay mas malaki.

Paborable ang mga kundisyon sa ibayong pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Patuloy na lumalala ang krisis ng naghaharing sistema. Ang tumitinding pang-aapi at pagsasamantala sa mga mamamayan ay nagluluwal ng rebolusyonaryong paglaban at nagtutulak sa mamamayan tungo sa armadong rebolusyon. Kasabay nito, ang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista ay nagbubunga ng isang bagong kaguluhan sa daigdig na walang kapantay sa lawak at lala sapul nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Walang nalalabing paraan ang proletaryado at

ang mga mamamayan ng daigdig kundi ang muling buhayin at muling itayo ang kilusang anti-imperyalista at sosyalista at maglunsad ng mga rebolusyonaryong pakikibaka.

## I. ITAGUYOD AT IPAGTANGGOL ANG MARXISTA-LENINISTANG TEORYA AT PRAKTIKA

Lahatang-panig na naitaas ng ating Partido ang kanyang lakas sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto at nakapaglunsad ng higit na matatag at militanteng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kaaway. Nagtamo ito ng malalaking tagumpay sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa patnubay ng mga saligang dokumento sa pagwawasto na inilabas ng Komite Sentral at alinsunod sa tatlong-taong programa (1992-1995) na pinagpasyahan ng Komite Sentral noong 1992 na nirepaso at isinaayos ng Kawanihang Pampulitika noong 1993.

Sa inisyatiba at pamumuno ng Komite Sentral ng Partido, itinaguyod at ipinagtanggol ng buong Partido ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, muling iginiit ang proletaryong rebolusyonaryong linya sa hanay ng mga kadre at kasapi ng Partido laban sa burges na kontrarebolusyonaryong linya, at isinulong ang pangkalahatang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng proletaryado.

Itaas ang Antas ng Pagkakaisa sa Ideolohiya Higit na matalas kaysa dati ang ating pagkaunawa sa mga saligang prinsipyo, linya at patakaran. Mas mataas ang antas ng pagkakaisa sa ideolohiya na ibinunga ng pag-aaral sa mga positibo at negatibong aspeto ng kongkretong rebolusyonaryong praktika sa loob ng matagal na panahon. Dahil dito, ginagampanan ng lahat ng matapat na kadre at kasapi ng Partido ang kanilang mga rebolusyonaryong tungkulin nang may ibayong kapasyahan, sigla at sigasig. Sa kabilang banda, ang mga pasimuno ng mga ayaw magwasto na mga suhetibista at oportunista ay ganap nang naglantad ng sarili bilang mga oportunistang taksil.

Ang mga depinitibong dokumento at direktibang inilabas ng Komite Sentral ng Partido sa proseso ng kilusang pagwawasto ay dibdibang pinag-aaralan sa buong Partido. Nagsisilbing gabay ang mga ito sa mga sentral na istap at sa mga komite ng Partido sa rehiyon sa paglalagom ng sariling karanasan, sa pagtukoy sa kanilang mga tagumpay at pagkukulang, sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili, at sa pagtupad sa kanilang mga tungkulin nang may panibagong sigla at ibayong kapasyahan.

Ang kilusang pagwawasto ay lalong pinalalalim at pinayayaman ng paglalagom ng karanasan at ng pagpupunahan at pagpuna-sa-sarili mula sa isang antas tungo sa isa pa, na sumasaklaw sa panahong mula 1980 hanggang sa kasalukuyan. Diyalektikal ang proseso: ang mga nakabababang organo at organisasyon ay nagbibigay ng mas maraming datos at pananaw kaysa rati, at ang mga nakatataas na organo naman ay nakikinabang sa dagdag na impormasyon at pagsusuri mula sa ibaba at sa gayon ay nakapagbibigay ng mas matalino at tumpak na patnubay kaysa dati.

Sa pagdiriwang ng ikasandaang anibersaryo ng pagsilang ni Mao Zedong, inilahad ng tagapangulo ng ating Komite Sentral, sa maikli ngunit kumprehensibong paraan ang 25-taong kasaysayan ng ating Partido. Inengganyo nito ang lahat ng komite sa rehiyon at organisasyon ng Partido na balik-aralan at suriin ang kanilang rebolusyonaryong karanasan mula sa simula sa patnubay ng mga batayang simulaing rebolusyonaryo. Inuunawa nila kung paano lumakas nang pahakbang-hakbang ang rebolusyonaryong kilusan bago naipataw ng mga ayaw magwastong suhetibista at oportunista ang kanilang kontrarebolusyonaryong burges na linya at nailigaw ang rebolusyon sa mga eryang nasa ilalim ng kanilang awtoridad at impluwensya.

Tulad ng dapat mangyari, ang gawaing pang-ideolohiya sa ngayon ay higit na malawak at masinsin sa paglalagom ng karanasan, pagpuna at pagpuna-sa-sarili at paglilinaw ng mga rebolusyonaryong gawain. Ito ay nangangahulugan ng buhay na

pag-aaral ng teorya, lubha pa't ito ay nagsisilbing sandatang panlaban at panggapi sa matagal na umiral na burges na kontrarebolusyonaryong linya ng mga taksil na sa bandang huli ay lantarang nagtangkang likidahin ang Partido.

Ang mga dokumento ng pagwawasto ng Partido sa iba't ibang antas, gayon din ang mga artikulong inilathala sa REBOLUSYON, organong teoretikal ng Komite Sentral ng Partido, ay nagtataguyod at nagtatanggol sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at sa proletaryong rebolusyonaryong linya ng Partido. Sinasandatahan ng mga ito ang mga kadre at kasapi ng Partido sa pagharap at pagbigo sa ayaw magwastong mga oportunista, mga taksil at mga ahente ng kaaway na tumanggi na sa Marxismo-Leninismo at nagbabandila sa mga islogang naninirang-puri kina Stalin at Mao at umaalipusta sa sentral na pamunuan ng Partido.

Sinasakyan ng mga likidasyunista ang "bagong kaisipan" ni Gorbachov at ang opensibang kontra-Stalin at kontra-Mao ng mga imperyalista, at ganap silang nalantad bilang sagadsaring mga anti-komunista. Sa loob ng Partido, wala nang naniniwala sa kanila bunga ng kanilang ginawang misrepresentasyon na sosyalista at Stalinista ang mga bumagsak na rebisyunistang rehimen, pagkakalat ng palagay na wala nang saysay ang kilusang anti-imperyalista at sosyalista at pagtatangkang hatakin ang kasapian ng Partido sa repormistang linya na ang pakikibakang legal na nakabase sa lunsod ang tangi o pangunahing anyo ng pakikibaka batay sa maling akalang hindi na malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino.

Rebisyunismo ang pangunahing sakit na pang-ideolohiya ng ayaw magwasto na mga oportunista. Totoo ito hindi lamang sa kaso ng mga Kanang oportunista kundi maging sa kaso ng mga "Kaliwang" oportunista na naglako ng linya ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar. Ang huli ay may rebisyunistang maling pakahulugan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka nang talikdan nila ang pangangailangan ng umaasa-sa-sarili at masikhay na gawaing masa at hangal na nag-ilusyong mananalo sila kung aasa sa ispontanyong masa at

sa suporta mula sa labas ng organisadong pwersang rebolusyonaryo, laluna sa tulong militar at pinansyal na inasahan mula sa mga partidong Sobyet at maka-Sobyet.

Sari-saring rayang kontrarebolusyonaryo ang kinabibilangan ng mga oportunistang taksil. May nagbububuga ng mga anti-komunistang islogan ni Gorbachov upang ibahin ang sarili sa mga lumang rebisyunista na sige sa pagdarasal kay Brezhnev. Mayroon ding nagkakalat ng Trotskyismo sa tangkang palabasin itong Leninismo. Subalit ang mga oportunistang taksil na ito ay kapwa nakikipagsabwatan sa rehimeng US-Ramos at sa mga petiburges na grupong nagpoposturang progresibo, ayon sa linyang kontra-Mao, kontra-Stalin at kontra-komunista.

Ang Partido ay naglalathala at namamahagi ng mga akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao upang bigyang-linaw ang mga saligang prinsipyo ng rebolusyong pinamumunuan ng proletaryado, gayon din ng mga libro at artikulong banyaga na mapaghahanguan ng aral tungkol sa Marxista-Leninistang pilosopiya, ekonomyang pampulitika, syentipikong sosyalismo, modernong rebisyunismo, teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadurang proletaryo at pandaigdig na kilusang komunista. Idinidiin ng Partido ang kahalagahan ng pag-aaral sa modernong rebisyunismo at sa teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadurang proletaryo upang bakahin ang sistematikong linyang pang-atake ng mga imperyalista na umano’y wala nang saysay at pag-asa ang layuning sosyalista.

Inilalabas ang mga publikasyong ito upang mabasa at mapag-aralan ng mga kolektibo ng Partido bago pa man isagawa ang mga pormal na kurso. Ang mga balangkas at listahan ng babasahin sa batayan, intermedya at abanteng kurso ng Partido ay nagsisilbing gabay sa reproduksyon ng mga babasahin at sa abanteng pagbabasa at pag-aaral. Masiglang isinasagawa ng mga kadre at kasapi ng Partido ang abanteng pagbabasa at pag-aaral ng mga lathalaing ito

upang epektibong mabaka ang opensiba sa ideolohiya ng mga imperyalista at ng kanilang bayarang pangkat ng mga lokal na reaksyunaryo at petiburges na anti-komunista.

Isinasagawa ng Kagawaran sa Edukasyon ng Pangkalahatang Kalihiman ang pagpapahusay ng teksto ng batayang kurso ng Partido. Ang buong Partido ay masiglang nagpapatupad ng pag-aaral sa batayang kurso ng Partido gayon din sa pangkalahatang kursong pangmasa tungkol sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Binibigyang-diin ng batayang kurso ng Partido ang proletaryong rebolusyonaryong linya at ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan, at sinasaklaw nito ang saligang katangian ng lipunan at rebolusyong Pilipino, ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, ang pagtatayo ng Partido at ang sosyalistang hinaharap.

Itinuturing ng Partido ang gawaing pang-ideolohiya bilang pinakamahalagang gawain. Ang Komite Sentral at ang mga komite ng Partido sa rehiyon ay determinadong maglaan ng dagdag na tauhan, pagsisikap at rekurso sa gawaing pang-ideolohiya. Sa sitwasyon ng pagdalang at pagkawala ng mga Marxista-Leninistang pag-aaral sa teorya at pulitika, nakapuslit sa pamunuan ng Partido ang mga suhetibista at oportunistang nagmamarunong at nakapagkalat ng mga ideang anti-Marxista at anti-Leninista sa pagdadahilang “pinauunlad”, “iniaangkop”, “pinipino at “malikhaing inilalapat” ang Marxismo-Leninismo at nagtangkang lubusan nang likidahin ang Partido sa pamamagitan ng pananaboteng ideolohikal. Kung hindi sa kilusang pagwawasto, nawasak na sana ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan bunga ng pagkakakaipon ng malulubhang panloob na kamalian ng suhetibismo, rebisyunismo at oportunismo, at sa bandang huli’y bunga ng pinag-ibayong pagtatangka ng mga oportunistang taksil na siraan ang Komite Sentral, pigilan ang kilusang pagwawasto, ganap na pangibabawan ang Partido at wasakin ang proletaryong katangian nito. Bunga ng kilusang pagwawasto, muling sumisigla at sumusulong sa wastong linya ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusang masa. Sa halip na malikida nila ang Partido ay nailantad

lamang ng mga oportunistang taksil ang sariling katangiang kontrarebolusyonaryo at anti-komunista sa kanilang walang-kahihiyang paggagad sa mga islogang anti-Stalin at anti-Mao na ibinubuga ng makinarya sa propaganda ng imperyalistang opensiba sa ideolohiya.

Sa proseso ng kanilang pagkabulok sa ideolohiya at pulitika, ang mga dating "Kaliwang " oportunistang tagapagtaguyod ng adbenturismong militar at insureksyunismong urban at ang mga dating Kanang oportunistang tagapagtaguyod ng likidasyon ng Partido sa pamamagitan ng kanilang garapal na petiburges na konsepto ng nagkakaisang prente ay sumanib na sa pipitsugin at magulong hanay ng mga sagadsaring anti-komunista, repormista, kapitulasyunista, pasipista, NGO burukrata at namamalimos ng pondo sa reaksyunaryong estado at mga anti-komunistang dayuhang ahensyang tagapondo. Ipinamamarali ngayon ng pinakaimbi sa mga oportunistang taksil na ang mga pakikibakang anti-imperyalista at tunggalian ng uri ay lipas at napasantabi na. Sa kanilang tangkang kaladkarin ang mamamayan sa repormismo, ipinaliliwanag nila ang bawat usapin — [lalo na ang tungkol sa kaunlaran, kilusang panlipunan, kasarian, kapaligiran, etnisidad (pagiging katutubo), atbp.] sa mga terminong nakaibabaw sa mga uri at makaimperyalista at ibinabangga ang mga ito sa usapin ng masaklaw na pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Lubhang mahalagang pag-aralan, punahin at itakwil ang modernong rebisyunismo at ang panunumbalik ng kapitalismo hindi lamang sa mga bayan ng dating blokeng Sobyet kundi sa Tsina rin. Ang pagkaligtang gawin ito ay magbubunga ng kalituhan na ikahihina at sa huli ay ikawawasak ng Partido, gaya ng napatunayan na sa pagkalusaw ng mga rebisyunistang partido na dati'y sumunod sa kumpas at halimbawa ng rebisyunistang partido ng Unyong Sobyet.

Sa katunayan, sinasamantala ng mga oportunistang taksil ang pagkakanulo ng rebisyunismong Deng sa mga rebolusyonaryong aral at tagumpay ni Mao, gayon din ang rebisyunismong Brezhnev at rebisyunismong Gorbachov, sa

tangkang maliitin at tutulan ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, likidahin ang proletaryong rebolusyonaryong linya ng Partido, at wasakin ang buong Partido. Rebisyunismo ang nasa ubod ng pagtatagpo ng iba't ibang petiburges na tunguhin ng pag-iisip sa loob ng Partido sapul noong maagang bahagi ng dekadang '80. Sadya at malisyosong ginagamit ng mga oportunistang taksil ang ilang rebolusyong anti-imperyalista na pinamunuan ng petiburgesya bilang mga modelong pambangga sa proletaryong rebolusyonaryong katangian ng mga dakilang sosyalistang rebolusyon sa dating Unyong Sobyet at Tsina.

Sa pagkahaling sa gawaing anti-komunista at kontrarebolusyonaryo, sige sa pagyayabang ang mga oportunistang taksil na magbubuo sila ng isang "bagong" partidong taglay ang samu't-saring "bagong pag-iisip" na halu-halong mga bilasang ideya na anti-komunista ng Gorbachovismo, Trotskyismo, nasyunalismo, populismo, anarkismo at sosyal demokrasya. Sila'y sinusulsulan at tinutustusan ngayon ng mga lokal at dayuhang ahensyang anti-komunista upang magbuo ng mga palsipikadong-kaliwa at palsipikadong-progresibong organisasyon at upang gamitin ang pagpapawalang-bisa sa batas sa anti-subersyon laban sa Partido Komunista ng Pilipinas at sa armadong rebolusyon.

Noong 1992, nagtangkang magsama-sama ang mga oportunistang taksil sa isang paksyong anti-Partido upang likidahin ang Partido mula sa loob. Nag-asta silang tagapagtaguyod ng "bagong kaisipan" at "demokratikong" proseso ng rebisyunismong Gorbachov at naglathala ng mga artikulong naninira sa Partido, pagkatapos na pagkatapos lamang na magposturang mga "tagapino at "tagapagpaunlad" ng Leninismo at Kaisipang Mao Zedong. Nang mabigong wasakin ang Partido mula sa loob, sinikap nila noong 1993 na manghati sa hanay ng rebolusyonaryong masa, magtayo ng mga bagong grupong anti-komunista na tinustusan ng reaksyunaryong estado at ng mga dayuhang anti-komunistang ahensya sa pagpopondo, at nakipagsabwatan sa mga anti-komunistang petiburges — gaya ng mga lumang rebisyunista, Trotskyista, demokratang Kristyano at liberal — sa isang kampanya sa burges na midya laban sa

PKP, BHB at NDF. Sa gayon, sila'y lantarang naging mga ispesyal na ahente sa anti-komunistang iskema ng digmang sikolohikal ng rehimeng US-Ramos.

Natalo na ang mga oportunistang taksil dahil sa kanilang paglalantad sa sarili at dahil din sa mga hakbang na ginawa ng Partido noong 1993. Subalit ang kanilang mga ahente sa Komisyon sa Nagkakaisang Prente ng Partido (UFC) ay nagpresentang mga sentrista, tumangging may dalawang-linyang tunggalian at malisyosong gumamit ng sentrismo at nyutralidad sa pagitan ng tama at mali upang atakehin ang proletaryong rebolusyonaryong linya at hadlangan ang kilusang pagwawasto. Sa taong 1994, ang mga sentrista ay ganap na natalo sa dalawang-linyang tunggalian sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyonaryo at mga burges na kontrarebolusyonaryo. Sa pagbaka sa mga kontrarebolusyonaryong burges na kaisipan ng mga oportunistang taksil, tumaas ang kamalayang pang-ideolohiya ng mga kadre at kasapi ng Partido hanggang sa antas na kaya na nilang tukuyin at kilalanin ang kontrarebolusyon, anuman ang anyo nito.

Dibdiban at matagumpay na tinutupad ng Partido ang rebolusyonaryong gawain, kabilang ang kilusang pagwawasto at paggigiit sa armadong rebolusyon, kaya ito ay kabilang ngayon sa unang hanay ng pandaigdig na kilusang komunista at pinag-uukulan ng mataas na pagpapahalaga ng mga kilusang Marxista-Leninista at rebolusyonaryo sa ibang bayan. Sa kabilang banda, ang mga partido at kilusang iniligaw ng bagong rebisyunismo at petiburges na radikalismo ay ganap nang nagkawatak-watak, o kaya'y patuloy na nabulok at nagsisuko, o kaya'y nakipagkompromiso sa isang neo-kolonyal na kaayusan.

Ang mga publikasyon ng Partido, lalo na ang mga dokumento sa pagwawasto at ang depinitibong artikulo tungkol sa sosyalismo laban sa modernong rebisyunismo, ay binibigyan ng mataas na pagpapahalaga at seryosong pinag-aaralan ng mga Marxista-Leninista sa ibayong dagat.

Maraming rebolusyonaryong Partido, kilusan at organisasyon ang nagpapahayag ng malaking interes na makipagpalitan ng karanasan at palagay sa Partido at dumalaw sa Pilipinas upang pag-aralan ang rebolusyonaryong gawain nito.

Sa diwa ng proletaryong internasyunalismo, ginagampanan ng Partido ang isang tampok na bahagi sa pagtataguyod at pagtatanggol sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong o Maoismo. Pinanguluhan nito ang Pandaigdig na Kumperensya ng mga Marxista-Leninistang Partido at Organisasyon mula 1992 hanggang 1994. Isa ito sa mga pangunahing tagapagpalaganap ng Pangkalahatang Deklarasyon tungkol sa Kaisipang Mao Zedong o Maoismo. Matatag ang paninindigan ng PKP na ang tiwala sa ultimong tagumpay ng sosyalismo at komunismo laban sa imperyalismo, rebisyunismo at neo-kolonyalismo ay matatagpuan sa pinakakomprehensibo at pinakamalalim na siyentipikong batayan ng Maoismo na nagpaunlad sa Marxismo-Leninismo sa pagpuna at pagtatakwil sa modernong rebisyunismo at sa teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadurang proletaryo.

## Isulong ang Pambansa-Demokratikong Rebolusyon

Sa harap ng lumalalang palagiang krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ay higit na determinado ang Partido at ang mamamayan kaysa nakaraan na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan upang bigyang kaganapan ang pakikibaka para sa pambansang kasarinlan at demokrasya, itatag ang demokratikong estado ng mga mamamayan at paunlarin ang isang industriyal na ekonomyang umaasa sa sarili at ang isang kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa.

Sa malakolonyal na Pilipinas, ang mga imperyalistang Amerikano at Hapones ay di-tuwirang naghahari sa mga mamamayan sa pamamagitan ng reaksyunaryong estado na pinagsanib na diktadura ng mga uring malaking burgesyang komprador at panginoong maylupa. Walang umiiral na tunay at ganap na pambansang kasarinlan. Sa malapyudal na Pilipinas, ang ekonomya ay nananatiling agraryo at atrasado; may ilang

empresang industriyal na umaasa sa importasyon, subalit walang saligang industriya. Ang malalaking komprador at panginoong maylupa ang pangunahing nagsasamantala sa lokal na moda ng produksyon at kakutsaba ng mga dayuhang monopolyong kapitalista sa paghuthot ng dambuhalang tubo.

Lubusang pinasinungalingan ng Partido ang ipinamamarali ng mga oportunistang taksil na mula noong panahon ng pasistang rehimeng Marcos ay naging industriyalisado at urbanisado na ang Pilipinas kaya hindi na ito malakolonyal at malapyudal at kailangan nang baguhin ang estratehiya mula sa linya ng matagalang digmang bayan tungo sa linya ng madaliang tagumpay sa pamamagitan ng insureksyunismong urban o kaya'y matagalang pakikibakang legal. Ang mga "Kaliwang" oportunista na naglako ng linya ng insureksyunismong urban at adbenturismong militar at ang mga Kanang oportunista na naglako ng linya ng pakikibakang legal bilang pangunahing anyo ng pakikibaka ay nagbatay sa maling akala na umabot na sa mahigit na 40 porsyento ang urbanisasyon sa Pilipinas. Sa katunayan, ayon mismo sa 1990 senso ng reaksyunaryong estado, ang rehiyon ng pambansang kabisera ay may 13 porsyento lamang ng pambansang populasyon at ang mga syudad ng mga probinsya ay may 8 porsyento lamang ng pambansang populasyon.

Ang mga oportunistang taksil na ito (kabilang ang mga dating "Kaliwang" oportunista na lantarang pumaling sa Kanang oportunistang posisyon), na dating nagbigay-kredito sa pasistang rehimeng Marcos dahil nakapagtamo raw ito ng mataas na antas ng industriyalisasyon at urbanisasyon, ay kontra-sa-sariling sumasang-ayon ngayon sa rehimeng US-Ramos na ang Pilipinas ay bayang hindi pa industriyalisado at kailangang gawing isang "bagong industriyalisadong bayan" pagsapit ng taong 2000. Kadweto nila ang rehimen sa makaimperyalistang pag-awit ng "kaunlarang sustenable at mabait sa kapaligiran" ["sustainable and environment-friendly development"] laban sa pambansang industriyalisasyon at "pagbibigay-kapangyarihan sa mga mamamayan" ["empowerment of the people"] sa pamamagitan ng mga NGO na tinutustusan ng dayuhan at mga anti-

komunistang kilusang panlipunan. Malinaw na ang mga oportunistang taksil ay sumusunod sa makauring pamumuno ng burgesya sa kanilang mga maling ilusyon at ang pinakamasama sa mga taksil ay mga bayaran ng mga ahensya ng kaaway sa digmang sikolohikal at paniniktik.

Sa proseso ng kilusang pagwawasto, muling pinaninindigan ng Partido ang rebolusyonaryong linya sa uri na sumasaklaw sa sumusunod: makauring pamumuno ng proletaryado; saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka; progresibong alyansa ng mga anakpawis at petiburgesya ng lunsod; alyansa ng mga positibong pwersa, kabilang ang panggitnang burgesya; at pagsamantala sa hidwaan ng mga reaksyunaryo upang ibukod at durugin ang kapangyarihan ng kaaway, ang rehimen o pangkating pinakareaksyunaryo at pinakamasunurin sa imperyalismo.

Alinsunod sa demokratikong katangian ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyang yugto, ipinatutupad ng Partido ang linyang antipyudal sa kanayunan. Pangunahing umaasa ito sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kinakabig ang panggitnang magsasaka, ninyunyutralisa ang mga mayamang magsasaka, at sinasamantala ang hidwaan sa pagitan ng mga naliliwanagan at mga imbing panginoong maylupa upang ibukod at durugin ang kapangyarihan ng mga despotikong panginoong maylupa.

## Muling Igiit ang Armadong Pakikibaka Bilang Pangunahing Anyo ng Rebolusyonaryong Pakikibaka

Muling iginigiit ng Partido ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka, ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan hanggang makapagtipon ng sapat na lakas para agawin ang kalunsuran, at ang kinakailangang pagsasanib ng armadong pakikibaka sa tunay na reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa sa konteksto ng pambansa-demokratikong rebolusyong nasa pamumuno ng proletaryado at may sosyalistang hinaharap.

Sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto ay matagumpay na nililinaw ng Partido ang wastong linya. Sa patnubay at halimbawa ng Komite Sentral ng Partido, ang lahat ng organo at organisasyon ng Partido sa mga rehiyon ay naglalagom ng kanilang karanasan, gumagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili at nagsasagawa ng mga praktikal na hakbangin upang mabaka at mapangibabawan ang malulubhang kamalian at pinsalang matagal na umiral bunga ng "Kaliwang" oportunistang linya ng "estratehikong kontra-opensiba", insureksyunismong urban at adbenturismong militar, at bunga rin ng Kanang oportunistang linya na gawing pangunahin o tanging anyo ng pakikibaka ang legal na pakikibakang nakabase sa lunsod.

Ang mga yunit ng Partido, ang mga kumander at mandirigma ng BHB ay dumaraan sa pagsasanay na pulitiko-militar na ang pangunahin at esensyal na layunin ay maikintal sa kanila ang rebolusyonaryong oryentasyon na ang hukbong bayan ay nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido at nagsisilbing sandata ng mga mamamayan upang wasakin ang reaksyunaryong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, palawakin at patatagin ang baseng masa, suportahan ang kampanya sa reporma sa lupa, at mag-ipon ng mga tagumpay sa kanayunan hanggang sa maging hinog na ang sitwasyon sa mga balwarteng lunsod ng kaaway para sa estratehikong opensiba.

Bunga ng kilusang pagwawasto, tumalas ang komprehensibo at malalim na pagkaunawa ng mga kasapi ng Partido at mga pulang mandirigma sa pangangailangang paunlarin ang mga estratehikong yugto sa matagalang digmang bayan at magsagawa ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya na may papalawak at papalalim na baseng masa sa kasalukuyang yugto ng estratehikong depensiba. Tinatanggihan nila ang insureksyunismong urban bilang nangungunang salik, gayon din ang wala-sa-panahon at di-kayang isustineng pagpapalaki ng pormasyon ng hukbong bayan na ikinahihiwalay nito sa masa. Tinatanggihan nila ang anumang linya ng pagkilos na nagkukupot at nagwawasak sa baseng masa at

nagpapahintulot sa kaaway na gayahin, kahima't sa paraang artipisyal, ang estratehiya at taktika ng digmang bayan. Ginawa ng mga "Kaliwang" oportunista ang gustong ipagawa sa kanila ng kaaway — mawalan ng baseng masa at sumabak sa isang sitwasyong lantay-militar — upang magkabisa ang kanyang "digmang madaling tinatapos" (estratehikong opensiba) at "gradwal na konstriksyon".

Binago ng Partido ang dispusisyon ng malalaking pormasyon ng BHB na hindi masustine, kabilang ang dalawang batalyon at lahat ng kompanya na dati'y lubusang nakakonsentra, nang sa gayo'y mapalitaw ang mas maraming larangang gerilya na may matibay na baseng masa. Sa bawat larangang gerilya, 70 hanggang 75 porsyento ng mga pulang mandirigma ang nakakalat sa mga iskwad, at ang bawat iskwad ay maaring sumaklaw ng isang sonang gerilya na halos katumbas ng isang munisipalidad at maaring hatiin sa mga armadong pangkat pampropaganda upang sumaklaw ng isang takdang bilang ng mga baryo sa paborableng kondisyon, kapag hindi kinokonsentra ng kaaway ang kanyang pwersa sa mga naturang baryo. Kaalinsabay nito, may sentro de grabidad na binubuo ng mahigit na 30 porsyento ng mga pulang mandirigmang nasa relatibong konsentrasyon at gumaganap ng gawaing masa sa loob ng isang takdang distansya na nagpapahintulot ng daglian at epektibong kumand, kontrol at komunikasyon.

Ang kabuuang bilang ng mga pulang mandirigma sa isang malaking larangang gerilya ay maaring umabot sa isang kompanya; sa isang katamtamang-laking larangang gerilya, isang pinalaking platun; at sa isang maliit na larangang gerilya, isang platun. Sa karampatang panahon, ang bawat larangang gerilya ay dapat magkaroon ng buong kompanya. Sa anu't anuman, kailangang umiral at ikoordina ang sentro de grabidad at ang mga nakakalat na yunit. Upang mapatingkad ang bentahe at mabawasan ang disbentahe ng pakikidigmang gerilya, nagpapakasanay ang mga pwersang gerilya sa pleksibleng taktika ng pagkalat, pagtipon at paglipat. Ang maliliit at nakakalat na yunit (iskwad o

armadong yunit pampropaganda) ay inaatasang gumanap ng higit pang gawaing masa at pinapag-iingat din na huwag malagay sa pusisyong lantay na depensiba.

Ang kilusang pagwawasto ay nakatuon sa panibagong oryentasyon, panibagong organisasyon at panibagong pagsasanay ng mga pulang mandirigma, at sa pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa sapul noong 1992. Dahil dito, may makabuluhang dagdag sa bilang ng mga matagumpay na taktikal na opensibang naisagawa ng hukbong bayan sapul noong 1993. Ang bilis ng paglaki ng mga taktikal na opensiba ay higit pa kaysa noong panahon ng 1989-1992. Ang bahagi ng mga matagumpay na taktikal na opensiba sa kabuuang bilang na isinagawa ay halos 100%, na malinaw na kataliwas ng mababang proporsyon at mababang absolutong bilang ng mga taktikal na opensiba sa panahong mula 1987 hanggang 1992.

Sinusunod ng BHB ang linyang maglunsad lamang ng mga taktikal na opensibang kayang ipanalo at umiwas sa mga labanang hindi kayang ipanalo. Sa pag-atake sa kaaway ginagamit nito ang elemento ng sorpresa. Inaalam nito ang mahihinang bahagi ng kaaway at ginagawa siyang bulag at bingi sa pamamagitan ng pagsalig sa lalong lumalawak at tumatatag na baseng masa. Pinananatili ng BHB ang kakayahang magkonsentra ng isa, dalawa o tatlong platun upang magsagawa ng isang mayor na taktikal na opensiba. Kaalinsabay nito, ang karamihan sa mga iskwad gerilya ay mas madalas na nakakalat upang bumalikat ng gawaing masa sa buong bansa. Sa harap ng anumang malakas at matagal na kampanya ng pagkubkob at paglipol na inilulunsad ng kaaway, maililipat ng BHB ang mga pangunahing yunit nito upang makalaban mula sa labas ng linya ng pagkubkob ng kaaway habang ang maliliit na segundaryong yunit nito ay makakalabas-masok sa kubkob ng kaaway. Pinamumunuan ng Partido ang gawaing masa sa kanayunan. Kabilang sa gawaing masa ang propaganda at ahitasyon sa hanay ng masang magsasaka, pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga samahang magsasaka at iba pang tipo ng samahan, at pagsasagawa ng reporma sa lupa at iba pang tipo ng kampanyang masa na kapaki-pakinabang sa

mga mamamayan. Dahil sa paglawak at pagtatag ng baseng masa, nabaligtad ang pabulusok na tunguhing umiral mula 1988 hanggang 1992. Saklaw ng gawaing masa ang libu-libong baryo sa daan-daang munisipalidad at ilampung probinsya.

Sa gawaing masa, ang Partido at BHB ay nagkokonsolida ng mga dating namantining lugar, nagpapalawak sa mga bagong lugar, at bumabawi ng mga lugar na nawala dahil sa "Kaliwang" oportunismo, sa arbitraryong kampanyang anti-impormer, at sa matatagal na kampanya ng kaaway. Malalaking tagumpay ang natamo sa pagkonsolida at pagpapalawak ng baseng masa ng sandatahang kilusang rebolusyonaryo. Ang pinakamaningning na mga tagumpay ay yaong natamo sa pagkonsolida ng mga dating namantining lugar, sa pagbawi sa 50 hanggang 100 porsyento ng ilang nawalang lugar sa iba't ibang rehiyon, at sa paglawak sa mga bagong lugar. Bunga ng masusing gawaing masa at solidong pag-oorganisa na hinihingi ng kilusang pagwawasto at ng mga mamamayan, may makabuluhang paglaki sa bilang ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng magsasaka, manggagawa (saan man mayroon), mangingisda, kababaihan, kabataan, bata at mga aktibistang pangkultura, gayon din sa bilang ng mga probisyonal at regular na organo ng kapangyarihang pampulitika (KPB at KRB) na binuo batay sa linya ng nagkakaisang prente, kung ihahambing sa antas ng 1992.

Sa mga baseng gerilya, ang mga dating hinirang na komiteng pang-organisa ng baryo (KPB) ay umangat na sa antas ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo (KRB), kasabay ng paghalal ng buong baryo o ng mga kinatawan ng mga organisasyong masa sa mga kasapi nito, at matapos mabuo ang masaklaw na kalipunan ng mga organisasyong masa na siyang salalayan ng komiteng rebolusyonaryo. Ang KRB ay suportado ng mga organisasyong masa at ng lahat ng mamamayan, at ito ay may mga aktibong komite na umaasikaso sa patuloy na pag-organisa sa masa, edukasyong publiko, pagtatanggol sa sarili, reporma sa lupa, produksyon, pinansya, kalusugan at kalinisan, arbitrasyon, gawaing pangkultura at iba pang mahahalagang tungkulin.

Ang susing kampanyang masa sa kanayunan ay ang minimum na reporma sa lupa ng Partido, na isinasagawa sa malawak na saklaw at nangangailangan ng pagpapakilos sa masang magsasaka. Ang layunin nito ay ibaba nang 50 porsyento, o anumang porsyentong mas makatwiran kaysa dating antas, ang upa sa lupa at interes sa pautang, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, pagbutihin ang presyo ng mga produkto (farm gate prices) at itaas ang produksyon sa agrikultura at mga pandagdag na hanapbuhay [sideline occupation] na nakabatay sa pamilya at panimulang kooperasyon. Kapag maaari, kailangan at maipagtatanggol, ay saka lamang isinasagawa ang kumpiskasyon ng lupa ng mga despotikong maylupa para ipamahagi sa mga nagsasakang walang lupa at ang pagsasauli ng lupang inagaw ng mga mangangamkam sa karampatang may-ari. May posibilidad sa pagkumpiska ng lupa para libreng ipamahagi doon sa mga baseng gerilya, laluna sa mga lugar na malayo sa pwersang militar ng kaaway.

Ang kampanya sa reporma sa lupa ay isinasagawa pangunahin ng samahang magsasaka, na may pamumuno ng Partido at suporta ng hukbong bayan. Ang iba pang tipo ng kampanyang masa ay kaugnay ng edukasyong publiko at kultura, pagsasanay sa pagtatanggol sa sarili, kalusugan at kalinisan, pagtataguyod sa karapatan ng kababaihan, pangangalaga sa kapaligiran, produksyon at pangangalap ng suportang materyal para sa hukbong bayan. Sa pamamagitan ng kilusang masa, binabago ang mga atrasadong baryo upang gawing mga balwarte ng rebolusyon sa pulitika, ekonomya at kultura.

Ang pag-aaral na pampulitika, pag-oorganisa at mga kampanya ng mamamayan ang naglalatag ng nakasasapat-sa-sarili at di-magagaping pundasyon ng digmang bayan. Upang makasapat sa sarili, ang rebolusyonaryong pwersa ay umaasa sa ambag ng mga mamamayan, gayon din sa produksyong partikular na inilalaan para suportahan ang rebolusyonaryong pwersa. Kaya ng mga mamamayan na magbigay ng mga materyal at pinansyal na tulong dahil sa naitataas nila ang kanilang kita sa bisa ng reporma sa lupa at pag-unlad ng produksyon sa agrikultura. Bukod dito, kinokolektahan ng buwis

ang mga naliliwanagang elemento at mga seksyon ng mga mapagsamantalang uri na sumusunod sa batas ng demokratikong pamahalaang bayan. Dagdag dito, ang hukbong bayan, sa mga awtorisadong kilos, ay nangungumpiska ng armas at rekurso sa kaaway.

Itinatakwil ng rebolusyonaryong kilusan ang mapanlasong linyang matagal na ikinalat ng mga oportunistang taksil na ang mga insureksyunaryong pangkat at mga wala-sa-panahong pinalaking pormasyong militar ay makapananatili, uunlad at mabilis na magtatagumpay nang lampas sa kanilang takdang kakayahan kung aasa sa panlabas na suportang militar at pinansyal mula sa Unyong Sobyet at mga partidong pro-Sobyet, iba pang ahensyang dayuhan at gayundin sa kriminal na gangsterismo. Pagkaraang mabigo sa kanilang linya ng estratehikong kontra-opensiba, adbenturismong militar at insureksyong urban, ang malalaking oportunistang taksil na nakapuslit sa mga sentral na organo ng Partido at naghari sa "general command" ng BHB, sa "standing group" ng Komisyon sa Kabisayaan at sa komiteng tagapagpaganap ng komite ng Partido sa Manila-Rizal ay abala ngayon sa pribadong pagnenegosyo (ang ilan kanila ay namuhunan mula sa salaping ninakaw sa rebolusyonaryong kilusan) o kaya'y nagtatrabaho sa mga NGO na pinopondohan ng dayuhan at sa iba pang tanggapan ng reaksyunaryong pamahalaan, kabilang ang mga ahensya ng kaaway sa digmang sikolohikal at paniniktik.

Ang ilang yunit at elemento ng hukbong bayan sa Negros, Panay at Gitnang Mindanaw, gayon din ang mga armadong yunit ng partisano na gumagamit ng pangalang Alex Boncayao Brigade sa Manila-Rizal na iniligaw ng mga oportunistang taksil ay bumalik na sa hukbong bayan o di kaya ay lalong nabulok at nagumon sa kriminal na gawain, nagsisuko sa kaaway, o kaya'y lubusan nang nalusaw noong 1993 at 1994. Matapos mabigong wasakin ang hukbong bayan saanman mayroon silang impluwensya, ang mga pasimuno ng paksyong anti-Partido ay lantaran ngayong lumalahok sa mga anti-komunistang aktibidad sa lunsod, sa panunulsol ng rehimeng US-Ramos. Tumahak sila sa landas ng putsismo tungo sa panig ng kaaway.

Kung ang mga "Kaliwang" oportunista na tuluyang naging garapal na mga kontrarebolusyonaryo ay nagkakalat ng mga rebisyunistang kaisipan tungkol sa armadong pakikibaka, ang mga Kanang oportunista naman na naging mga lantarang anti-komunista ay nagkakalat ng mga rebisyunistang kaisipan tungkol sa nagkakaisang prente. Kabilang sa mga maling kaisipan tungkol sa nagkakaisang prente ang sumusunod: ito ang sentro ng rebolusyonaryong pamumuno; ito ay balangkas para tanggihan at likidahin ang pamumuno ng proletaryado; ito ay tanging nakalaan o pangunahing nakalaan sa pagpapaunlad ng pakikibakang legal; at ito ay isang petiburges na instrumento upang muling buhayin ang lumang demokratikong rebolusyon, itaguyod ang nasyonalismong burges, pluralismo at pinaghalong ekonomya, at pigilin ang rebolusyon sa pagtahak sa landas ng sosyalismo matapos ang tagumpay sa bagong-demokratikong rebolusyon.

Lubusang nagapi na ng Partido ang mga oportunistang taksil na namugad sa Komisyon sa Nagkakaisang Prente at tusong tumutol sa kilusang pagwawasto sa likod ng maskara ng sentrismo — itinatanggi na may tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng Partido at paksyong anti-Partido, pinaghahalo ang tama at mali, at ginugulo ang linya ng komunikasyon sa pagitan ng sentral na pamunuan ng Partido sa isang banda at mga organisasyon ng Partido at ng masa na nakabase sa lunsod sa kabilang banda. Mabisang ginampanan ng Partido ang pamumuno nito sa nagkakaisang prente sa pamamagitan ng pagtukoy sa wastong ugnayan ng Partido, hukbong bayan at nagkakaisang prente, pagpanukala ng isang bagong saligang batas at programa ng NDF noong 1992, at paglulunsad ng Unang Pambansang Kumperensya ng NDF upang pagtibayin ang mga dokumentong ito at muling pasiglahin ang NDF noong 1994. Mula nang ginawa ng Partido noong 1992 ang saligang pagpuna sa bogus na kongreso ng 1990 hanggang sa idaos ang Unang Pambansang Kumperensya ng NDF, ang mga pangunahing upisyal at ang mayorya ng mga nahalal sa pambansang komiteng tagapagpaganap ng NDF noong 1990 ang bumuo sa

pamunuang tagapangalaga, hindi na sa bisa ng bogus na kongreso kundi sa bisa ng konsensus ng mga alyadong organisasyon sa loob ng NDF.

Alinsunod sa kilusang pagwawasto mula noong 1992 at sa mga desisyon ng Unang Pambansang Kumperensya nito, ang NDF ay isang nagkakaisang prente o alyansa ng mga saligang pwersang rebolusyonaryo na sumusunod sa pamumuno ng proletaryado alinsunod sa pangkalahatang linya ng pambansa- demokratikong rebolusyon na may sosyalistang hinaharap. Ito ay isang pormal na nagkakaisang prente para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at nagbibigay-daan sa kasarinlan at inisyatiba ng Partido at sa absolutong pamumuno ng Partido sa BHB. Ito ay hindi isang pederasyon kung saan ang Partido ay isa lamang kasaping-organisasyon na palaging nakapailalim sa mekanikal na mayorya ng mga di-proletaryong kasaping-organisasyon. Ang mga oportunistang taksil ay nabigo sa kanilang masamang tangkang wasakin kapwa ang PKP at ang NDF sa pamamagitan ng maniobrang ibangga ang karamihan sa mga alyadong organisasyon laban sa Partido at sa malisyosong paggamit sa pangalan ng NDF upang labanan ang Partido.

## Paunlarin ang Legal na Kilusang Demokratiko

Sa usapin ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, na siyang pangunahing layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon, armadong pakikibaka ang talagang pangunahing anyo ng pakikibaka at legal na pakikibaka ang pumapangalawa. Kapag sinasabi nating pumapangalawa ang legal na pakikibaka sa ganitong konteksto, walang pakahulugan na ito ay hindi mahalaga at pwedeng isantabi. Ibig lamang nating sabihin na ang legal na pakikibaka ay hindi siyang tangi o pangunahing sandata sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika.

Ang mga oportunistang taksil, kapwa ang mga ayaw magwasto na dating “Kaliwang” oportunista at ang mga mas tuluy-tuloy na Kanang oportunista, ay malisyosong nagsasabi na tinatanggihan ng estratehiya ng digmang bayan ang

kahalagahan ng legal na pakikibaka, ang kinakailangang diyalektikal na kaugnayan nito sa armadong pakikibaka. Pero sila noon ang nagpahina at nanabotahe sa legal na demokratikong kilusang masa sa pamamagitan ng kanilang preskripsyon ng putsismo o di kaya'y repormismo.

Ayon sa nakaraan at umiiral na katotohanan, ang legal na demokratikong kilusan na nakabase sa lunsod ay umunlad sapul noong dekadang '60 sa pamumuno ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre ng Partido sa proseso ng pakikibaka laban sa naghaharing sistema, sinuman ang naghaharing pangkatin. Hanggang ngayon, ang mga legal na pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan ay nasa unang hanay ng legal na pakikibaka at siyang pinakamalaking pwersang lumalaban sa mga anti-nasyonal at anti-demokratikong patakaran ng rehimeng US-Ramos.

Bunga ng kilusang pagwawasto, muling pinasisigla ng Partido ang rebolusyonaryong bag-as ng kilusang masa at isinusulong ang muling pagdaluyong ng legal na kilusang demokratiko. Sa kasalukuyan, ang mga multisektoral na alyansa, ang mga sektoral na alyansa at ang mga legal na organisasyong masa ng manggagawa, magsasaka, pambansang minorya, mangingisda, maralita ng lunsod, kabataan, kababaihan, guro, iba pang propesyonal, aktibista sa karapatang-tao at iba pa na umaayon sa pambansa-demokratikong linya, ang pinakamulat, pinakamilitante at pinakamalakas na pwersa sa legal na kilusang demokratiko.

Ang mga pwersang ito, matapos makabawi sa ibinunga ng mga kamaliang "Kaliwa" at Kanang oportunismo, ay naging higit na matatag, masigla at aktibo sa paglaban sa tatlong salot — ang dayuhang monopolyong kapitalismo, ang katutubong pyudalismo, at ang burukratang kapitalismo. Hawak nila ang buong inisyatiba sa paglulunsad ng mga aksyong masa sa buong bansa at dinala nila sa isang bago at mas mataas na antas ang legal na demokratikong kilusan. Tumampok sila sa paglulunsad ng mga protestang masa laban sa pagtataas ng presyo ng langis, dagdag na value added tax, mga patakaran at hakbangin laban

sa manggagawa, mga patakaran at hakbangin laban sa magsasaka, mga patakarang pang-edukasyon na laban sa estudyante at sa mamamayan, sapilitang maramihang pagpapalikas, patuloy na detensyon sa mga bilanggong pulitikal, asasinasyon ng mga organisador ng maralitang lunsod, iba pang paglabag sa karapatang-tao, dalaw ni Clinton, ratipikasyon ng GATT final act, at iba pa.

Ang pinakamahalagang bagay kaugnay ng legal na demokratikong kilusang masa ay ang paglawak nito sa pamamagitan ng masusing gawaing masa at solidong pag-oorganisa. Pinatatatag ito, hindi lamang sa pamamagitan ng mga kampanya sa organisasyon kundi maging sa masinsing pag-aaral. Ang mga organisasyong masa, ang mga sektoral at multisektoral na alyansa, sa paraang umaasa sa sarili, ay naglulunsad ng mga aksyong masa sa pamamagitan ng pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mga mamamayan. Iwinaksi na sa saligan ang mga gawi sa nakaraan, noong umiral ang makaisang-panig na pag-atupag sa pawalis na propaganda at pag-asa sa mga pondong nagmumula sa mga espesyal na pinagkukunan na labas sa kilusang masa, para hakutin ng bus ang mga kalahok sa rali at para sa magarbong propaganda, kabilang ang mga bayad na anunsyo sa burges na midya.

Sa kabilang banda, ang mga oportunistang taksil ay lubusan nang naglantad bilang mga repormista, kapitulasyunista at pasipista na nagsisilbing ispesyal na ahente sa psywar ng naghaharing sistema. Nakabukod na sila at nilalayuan na ngayon ng mga nalinlang nila nang ilang panahon noong 1992 at 1993. Sila ngayon ay lantad na ring pipitsugin at walang-bisa, tulad ng kanilang mga anti-komunistang petiburges na katropa sa hanay ng mga lumang rebisyunista (mga maka-Lava), burges na populista (popdem), demokratang Kristyano (socdem), Trotskyista (Bisig at Sanlakas), at mga Gorbachovistang maka-imperyalistang liberal (Siglaya) na nagpoposturang mga bagong "sosyal demokrata". Palibhasa'y nagkakasundo sa linyang anti-komunista, nauwi sila sa pagserserbisyo sa pakikidigmang sikolohikal at pakanang Low Intensity Conflict ng rehimeng US-Ramos.

Ang kilusan sa tunay at militanteng anti-imperyalistang unyon ng mga manggagawa sa pribado at publikong sektor ay lalong lumalakas at sumusulong sa pakikibaka laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo, laban sa naghaharing sistema, at laban sa mga luma at bagong aristokrata sa paggawa. Ang mga manggagawa sa mga susing empresa ang prayoridad sa gawaing masa. Inoorganisa at pinasisigla rin ang mga empleyado sa sektor na publiko. Ang mga maralita ng lunsod ay nagpapalawak at nagpapatatag din ng kanilang mga organisasyon sa komunidad.

Kataliwas nito, ang lumang kulumpon ng mga aristokrata sa paggawa na pinamumunuan ng mga dilawan sa Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) at Federation of Free Workers (FFW), gayon din ang bagong kulumpon ng mga aristokrata sa paggawa sa Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) at National Confederation of Labor (NCL), ay lalong naglantad ng sariling kabulukan sa mata ng mga manggagawa nang nagsama-sama sila sa pagbubuo ng isang anti-komunistang "Caucus for Labor Unity (CLU)" at pumasok sa isang "social accord" sa rehimeng Ramos at sa mga dayuhan at lokal na kapitalistang nasa Philippine Chamber of Commerce and Industry at Employers Confederation of the Philippines (ECOP), upang sumuporta sa Philippines 2000 ng rehimen at sa patakaran nito ng mura at masunuring paggawa.

Ang kilusang magsasaka para sa tunay at puspusang reporma sa lupa ay lumalakas at sumusulong din sa kanilang pakikibaka laban sa naghaharing sistema, lalo na sa uring panginoong maylupa at sa sunud-sunurang mga tagasuporta ng huwad na "Comprehensive Agrarian Reform Program" (CARP) ng reaksyunaryong gubyerno at mga namamalimos ng pondo mula sa reaksyunaryong gubyerno at dayuhang ahensyang tagapondo. Pinalalakas ng mga mangingisda at mga manggagawa sa mga kompanyang pangisda ang sarili nilang organisasyon.

Ang mga anti-komunistang tagasuporta ng huwad na programa ng reporma sa lupa ng reaksyunaryong pamahalaan, kabilang ang mga burukrata at mga racketeer sa mga NGO na tinutustusan ng dayuhan, ay ibinubukod at pinatatalsik o kaya'y pinagbabawalang magpatuloy sa kanilang mga kontrarebolusyonaryong repormistang proyekto at aktibidad sa mga lugar sa kanayunan na kontrolado ng rebolusyonaryong kilusan. Kabilang sa mga anti-komunistang organisasyon ang itinayo ng CIA na Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM), ang Cooperative Foundation of the Philippines, at ang "Demokratikong" KMP (D-KMP) na ang pangunahing layon ay mang-atake sa mga tunay na samahang magsasaka. Ang kanilang gawaing tinutustusan ng dayuhan ay bahagi na ng Low Intensity Conflict ng rehimeng US-Ramos.

Ang mga kilusan ng mga katutubong mamamayan sa Cordillera, Mindanao at iba pang dako ay nagpapalakas alinsunod sa linya ng pambansa- demokratikong rebolusyon laban sa pagtindi ng etnosidyong pananalakay sa anyo ng mga malakihang operasyong militar at pakikidigmang sikolohikal na idinadaan sa diumano'y "development aid programs". Tinututulan nila ang etnosentrismo at hidwaang etniko na sulsol ng mga imperyalista at lokal na mga reaksyunaryo.

May panibagong pagsigla ang kilusang estudyante at iba pang kabataan, at binibigyang-pansin nito hindi lamang ang interes ng sariling sektor kundi itinataguyod din ang mga isyung pambansa at pandaigdig, tinatangkilik ang pambansang kalayaan at demokrasya, at inilulunsad ang mga protestang masa. Nasa unang hanay ito ng legal na demokratikong kilusan laban sa rehimeng US-Ramos. Aktibong sinusuportahan nito ang mga mamamayang anakpawis at hinihimok ang edukadong kabataan na matuto sa masa at maglingkod sa sambayanan.

Matatag at hakbang-hakbang na lumalaki ang kilusan ng kababaihan sa lunsod at kanayunan. Binabaka nito ang patriyarkalismo sa lipunang mapagsamantala, at pinalalakas ang sarili. Sa takbo ng pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ipinaglalaban at natatamo ng

kababaihan ang katayuang kapantay ng kalalakihan. Binabaka nila ang seksismong kontra sa kalalakihan na itinataguyod at ginagamit ng ilang tipo ng feministang burges upang ihiwalay ang kilusan ng kababaihan sa pambansa-demokratikong kilusan at pagbanggain ang mga ito.

Muling pinasisigla ng mga guro sa mga paaralang publiko at pribado ang kanilang kilusan. Sila ang pinakamalaking grupo at pinakamababa ang sahod sa mga propesyonal sa buong bayan. Hinihiling nila hindi lamang ang pagbuti ng kanilang katayuang sosyo-ekonomiko kundi pati ang pagtangkilik sa isang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

Ang mga artista at iba pang manggagawang pangkultura ay nagpapalakas ng kanilang hanay at nagiging higit pang militante kaysa dati. Pinasisigla nila ang rebolusyonaryong kilusang masa at itinataas ang diwa ng sambayanan sa bisa ng kanilang malikhaing mga obra at mga pagtatanghal na pangkultura. Gumagamit sila kapwa ng mga tradisyonal at modernong anyo at teknika ng makasining na paglikha upang itaguyod ang realismong sosyal, rebolusyonaryong romantisismo, at ang isang kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa.

Isinusulong ng kilusan ng mga manggagawang pangkalusugan ang paglilingkod sa sambayanan at sa rebolusyonaryong pwersa, at tinututulan nila ang kontrarebolusyonaryong posisyon ng "nyutralidad na medikal" sa pagitan ng mga pwersang rebolusyonaryo at kontrarebolusyonaryo. Inilulunsad ang isang programa ng pagrekluta ng mga manggagawang pangkalusugan upang magserbisyo sa kanayunan at sa hukbong bayan.

Itinataguyod ng kilusan ng mga abugado ang makabayan at progresibong landas laban sa mga saligang salot na panlipunan sa Pilipinas, binibigyang-pansin ang pagtatanggol sa kalayaang sibil at mga karapatang pampulitika, at itinatakwil ang pagkabulok ng mga dating maka-kalayaang sibil na naglilingkod ngayon sa reaksyunaryong gubyerno at sa mga mapagsamantalang uri, sa kapinsalaan naman ng mga manggagawa at magsasaka.

Ang mga syentista at teknolohista ay naaakit sa pambansa- demokratikong kilusan. Hinihiling nila ang isang sistemang sosyal na mapaggagamitan nila ng kanilang kaalaman at kasanayan upang mapaunlad ang bayan. Muli nilang itinatayo ang mga organisasyong makalalahok sa legal na demokratikong kilusan at makapag-aambag ng kongkreto sa rebolusyonaryong kilusan at sa ikabubuti ng kabuhayan ng mga mamamayan. Ang lahat ng makabayan at progresibong uri, sektor at pwersa ay nagpapanibagong-sigla at lalong nagpapalakas alinsunod sa pangkalahatang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Hinaharap nila ang mga isyung palagian at saligan, gayon din ang pinakamahihigpit na isyu sa bawat panahon.

Hinaharap nila ang mga isyung likha ng dayuhang monopolyong kapitalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Tinututulan nila ang mga patakaran ng rehimeng US-Ramos na diktado ng mga korporasyong transnasyonal at ng mga ahensyang pambansa at ahensyang multilateral ng mga ito, gaya ng IMF, World Bank at GATT/WTO. Tinututulan nila ang patuloy na kontrol ng US sa reaksyunaryong sandatahang lakas, ang kontrol ng US at Japan sa pangrehiyong seguridad, ang pagbubukas ng teritoryo ng Pilipinas sa militar ng United States at ang abanteng pagdedeploy ng mga tropa, kagamitan at sandatang pandigma ng US, kabilang ang mga sandatang nukleyar. Militanteng tinututulan nila ang paggamit ng imperyalismo sa U.N. Security Council at iba pang ahensya ng U.N.

Ang kilusan sa karapatang-tao ay nagpapanibagong-lakas sa NCR at nagkokonsolida sa buong bansa sa paglaban sa mga lumalabag sa karapatang-tao, kabilang ang mga tauhan ng kaaway na nasa militarya, pulisya at paramilitarya, at sa paglaban din sa mga burukrata ng ilang samahan para sa karapatang-tao na pinopondohan ng dayuhan at kumokontra sa pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan sa tabing ng “nyutralidad sa karapatang-tao” at humahanay sa mga oportunistang taksil na kasangkot sa madudugong isteryang anti-impormer.

Ang mga tunay na tagapagtaguyod ng malinis at malusog na kapaligiran at ng masinop na paggamit ng likas na yaman sa proseso ng umaasa-sa-sarili na kaunlaran, syempre pa, ay tumututol sa mga dayuhang monopolista at sa mga lokal na mapagsamantala dahil ang mga ito ang pangunahin at sa esensya ang sumasalaula at nandarambong sa likas na kapaligiran. Aktibo nilang binabaka ang linyang inilalako ng mga burukratang NGO na pinopondohan ng dayuhan; ang mga burukratang ito'y espesyalista sa paninisi sa mga mamamayan na sila umano ang may kagagawan sa kapahamakan sa ekolohiya sa Pilipinas gayundin sa pagkakalat ng kasinungalingan na ang pambansa-demokratikong kilusan ay walang malasakit sa mga isyu ng kapaligiran.

Sa katunayan, patuloy na nangunguna ang mga legal na progresibong pwersa at ang sandatahang rebolusyonaryong pwersa ng pambansa- demokratikong kilusan sa paglaban sa mga imperyalistang mandarambong at tagasalaula ng kapaligiran. Pinag-iibayo nila ang inisyatiba sa paglaban sa mga ugat na dahilan ng pagkasira ng kapaligiran, sa pagtupad sa patakaran ng ganap na pagbabawal sa komersyal na pagtotrosong panluwas mula ngayon at sa susunod na 25 taon, at sa pagpapatigil sa pagtatambak sa Pilipinas ng mga nakalalasong basura mula sa mga industriyal na bayang kapitalista.

Ang kilusan para sa tunay na kapayapaan ay nagtataguyod sa linya na ang makatarungan at matagalang kapayapaan ay mangyayari lamang kapag nalutas na ang mga ugat na dahilan ng digmaang sibil at kapag natamo ang mga layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Nilalabanan nito ang reaksyunaryong gubyerno, ang huwad na ikatlong pwersa at ang mga oportunistang taksil na naghahangad na talikdan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang likas nitong katayuang nakikidigma at sumuko na sa konstitusyon, gubyerno at sandatahang lakas ng kaaway.

Habang nagkokonsolida sa takbo ng kilusang pagwawasto, ang mga kasapi ng Partido sa ibayong dagat ay umaatupag sa gawaing masa sa hanay ng mga nandarayuhang

Pilipino at nakapagtayo ng iba't ibang tipo ng organisasyon alinsunod sa pambansa-demokratikong linya. Matagumpay nilang binigo ang tangka ng mga oportunistang taksil na likidahin ang Partido at ang NDF sa ibayong dagat at ilimita ang mga tauhan ng Partido sa mga opisinang panserbisyo na nasasagkaan ng mga anti-komunistang patakaran ng mga dayuhang ahensyang tagapondo at ng mga anti-komunistang kiling ng sandakot na mga anarkista sa "solidaridad" na hiwalay sa proletaryado at mga mamamayan ng kanilang sariling mga bayan.

Dahil sa matagumpay na pamumuno sa rebolusyong Pilipino at sa matatag na paninindigan sa proletaryong internasyunalismo, ang Partido ay may mataas na prestihiyo sa pandaigdig na kilusang komunista at sa malawak na kilusang anti-imperyalista sa ibayong dagat. Kita sa bilang ng mga mensahe ng pagbati at pakikiisa sa ika-25 anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido ang lawak ng relasyon nito na sumasaklaw sa mahigit na isandaang partido, organisasyon at kilusan sa lahat ng kontinente ng daigdig.

## Itayo ang Partido Alinsunod sa Prinsipyo ng Demokratikong Sentralismo

Sa takbo ng kilusang pagwawasto, itinataguyod ng Partido ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo at isinusulong kapwa ang disiplina at demokrasya sa loob ng Partido. Alinsunod sa sinumpaang tungkulin, pinakatatandaan ng Komite Sentral na ang esensya ng sentralismo ay ang tumpak na linyang pang-ideolohiya at pampulitika, at batay dito'y nagbibigay ito ng mabisang pamumuno sa demokratikong batayan ng mulat at aktibong suporta ng mga nakabababang organo at organisasyon ng Partido.

Umiiral ang buhay at mabungang ugnayang diyalektikal sa pagitan ng sentralisadong pamunuan at demokratikong base. Pinagbubuklod nito ang lahat ng kadre at kasapi ng Partido at lalong pinatataas ang kanilang antas ng pagkakaisa laban sa mayor na mga paglihis, pagkakamali at krimen ng mga oportunistang taksil.

Ang Komite Sentral ng Partido, ang Kawanihang Pampulitika at ang Komiteng Tagapagpaganap ay pinalalakas batay sa konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng mga nakababababang organo at organisasyon ng Partido hanggang sa mga lokal na sangay ng Partido at mga grupo ng Partido sa mga lokal na balangay ng mga organisasyong masa. Ang pangunahing proseso sa lahatang-panig na konsolidasyon ay ang kilusang pagwawasto, kaugnay ng paglalagom ng karanasan, pagpuna at pagpuna-sa-sarili at wastong pagtatakda ng mga tungkulin sa lahat ng antas ng Partido.

Sa hanay ng mga sentral na organong pang-istap, ang Pambansang Kagawaran sa Organisasyon ay matatag at aktibong gumanap ng isang mahalagang bahagi sa pagtulong sa Komite Sentral at Pangkalahatang Kalihiman upang palakasin ang organisasyon ng Partido, palawakin at patatagin ang kasapian ng Partido, muling buuin ang mga depektibong organo ng Partido at biguin ang mga paninira ng mga oportunistang taksil at mga "sentristang" kasabwat nila.

Ang pagtupad sa planong dagdagan ng 10,000 ang kasapian ng Partido sa buong bayan mula 1992 hanggang 1995 ay responsabilidad ng mga komite ng Partido sa rehiyon at nakababababang antas. Ang kasalukuyang baseng kasapian ng Partido, habang ginagawang aktibo at konsolidado sa pamamagitan ng kilusang masa, ay makarerekluta ng malaking bilang ng bagong kandidato at ganap na kasapi ng Partido. Ang pangunahing diin ng pagrekluta ay nasa pagpapalaki ng proporsyon ng mga kasapi ng Partido mula sa proletaryado at iba pang anakpawis, nang sa gayo'y malalim na maibase ang Partido sa kanilang hanay.

May bagong agos ng mga rekluta sa Partido na umaabot nang libu-libo sa buong bansa. Sila ay hinuhugot sa hanay ng pinakamauunlad na aktibistang masa na dati na o bago pa lamang lumalahok sa muling sumusulong na kilusang masa. Makarerekluta tayo ng malaking bilang ng kandidatong kasapi at ganap na kasapi ng Partido dahil sa natipong bilang

ng mauunlad na aktibistang masa at bagong aktibistang masa na lumilitaw sa muling sumusulong na kilusang masa.

Ang mga kasapi ng Partido at mga aktibistang masa mula sa mga organisasyon ng kabataan ay gumanap ng mahalagang bahagi sa pagsuporta sa ubod ng Partido at sa mga aktibistang masa ng mga organisasyon ng mga manggagawa at magsasaka laban sa mga oportunistang taksil, at mabilis na lumalago ang kanilang hanay. Kasabay nito'y mabilis na tumataas ang proporsyon ng mga kasapi ng Partido mula sa mga manggagawa at magsasaka dahil sa binibigyang-diin ng mga komite ng Partido sa mga rehiyon ang pagrekluta ng mga kasapi mula sa matagal nang naipong bilang ng mga aktibistang manggagawa at magsasaka.

Sa loob ng maraming taon bago inilunsad ang kilusang pagwawasto, lubhang napabayaan ang pagrerekluta para sa Partido at ang saligang buhay-partido sa antas ng sangay. Nagkaroon ng pagkiling sa pagrekluta ng mga kasapi ng Partido mula sa hanay ng mga pultaym na tauhan sa mga organisasyong masa at tanggapang pang-istap. Gayon man, kahit sa sirkulong ito ay maluwag ang buhay at disiplinang pampartido. Ngayon, binubuo ang mga sangay ng Partido sa kauna-unahang pagkakataon, o kaya'y muling binubuo ang mga ito, sa marami-raming pabrika, plantasyon, komunidad at linya ng transportasyon. Ang ubod ng Partido ay pinalalakas sa BHB at sa lahat ng tipo ng lihim at legal na organisasyong masa sa lahat ng antas. Makabuluhang simula na ang nagawa ng Partido sa paghimok sa mga kasapi ng Partido at mga aktibistang masang nakabase sa lunsod na magtungo sa kanayunan upang lumahok sa digmang bayan. Tumitingkad ang kagustuhan ng mga manggagawa at kabataang may pinag-aralan na magserbisyo sa hukbong bayan at maglingkod sa sambayanan sa kanayunan. Marami sa nagsitungo sa kanayunan upang masanay sa rebolusyonaryong pakikibaka roon ang nagpasyang manatili na roon, nang may pagsang-ayon ang mga organo ng Partido sa lunsod na dating responsable sa kanila.

Bunga ng lahatang-panig na tagumpay ng kilusang pagwawasto, tiyak na makapagpapalakas ang Partido sa susunod na kongreso nito alinsunod sa wastong linya. Masasalamin sa kongresong ito ang muling paninindigan sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon, ang muling pagsigla ng Partido, at ang muling pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang masa. Ito ang magsisilbing tuntungan ng isa pang malaking hakbang na pasulong ng Partido at ng demokratikong rebolusyong bayan.

Noong 1992, nang ang mga oportunistang taksil ay nagpapanggap pang nasa loob ng Partido at nagtatangkang mang-upat ng paksyonalismo at panghahati, nanatiling tapat sa Partido at sa Komite Sentral ang mahigit sa 90 porsyento ng kasapian ng Partido. May mga kasapi ng Partido na hindi pa lubusang nakaunawa sa matagal nang kontrarebolusyonaryong burges na linya ng mga oportunistang taksil na naggiit na nasa loob pa sila ng Partido at lumalahok lamang sa debateng pang-ideolohiya, kahima't malinaw at matinding umaatake sila sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido at gumagawa ng mga paksyonal na kawkus at kampanya ng paninira laban sa sentro ng Partido at sa buong Partido.

Lubusan nang itinakwil ang mga oportunistang taksil nang nagdeklara sila ng awtonomya at paghiwalay sa Partido noong 1993, nang sa pagkadesperado ay tinangka nilang magbuo ng isang "national coordinating board" upang labanan ang Partido, at nang nakipagsabwatan sila nang lantaran sa mga pwersang anti-komunista at nagwasiwas ng mga islogan laban kina Stalin at Mao. Gayon man, iniwan nila sa loob ng Komisyon sa Nagkakaisang Prente (UFC) ang kanilang mga ahente upang isulsol noong 1993 at 1994 ang sentrismo at ang pagtatwang may tunggalian ng dalawang linya. Pinatagal pa nito ang pangwawasak ng mga oportunistang taksil sa ilang institusyon at organisasyong nasa ilalim ng UFC na ang kasapian sa kalakhan ay petiburges.

Lubos nang natalo ang sentrismo. Pinag-iiba natin ang mga malisyosong elemento na gumagamit ng sentrismo para pagsilbihan ang mga oportunistang taksil at ang mga tapat na

elemento na nag-urong-sulong dahil sa pinangunahan sila ng kampanya sa disimpormasyon na ikinalat ng mga oportunistang taksil sa matagal ding panahon. Ginagamit ng Partido ang patakaran ng pagkabig sa mga tapat na elemento at pagtatakwil sa mga di-tapat na elementong gumamit ng sentrismo upang tabingan ang mga oportunistang taksil, paghaluin ang tama at mali, at maminsala sa Partido. Marami sa mga tapat na elemento ang nagbalik na sa hanay ng Partido.

Nabunyag na ngayon na ang pinakamasasahol na nagpapatupad ng burukratismo ay ang mga ayaw magwasto na mga oportunista, lalo na yaong naging mga taksil. Ginamit nila ang kanilang burukratikong awtoridad upang ipataw ang maling linya sa mga organo at organisasyong saklaw ng kanilang responsabilidad. Nilabag nila ang mga prinsipyo sa pagtatatag ng Partido at ginamit ang mga paraan ng konspirador at demagogo upang papanghinain at tuligsain ang proletaryong rebolusyonaryong linya ng Partido at ang mga wastong desisyon ng Komite Sentral at iba pang namumunong organo ng Partido. Ang Komite Sentral at iba pang namumunong organo at ang buo-buong organisasyon ay pinagkaitan nila ng impormasyon tungkol sa kapaha-pahamak na resulta ng “Kaliwa” at Kanang oportunistang linya at tungkol sa kanilang mga kasalanan, sinangkalan nila ang pangalan ng Partido at ang sentro ng Partido upang linlangin ang buong kasapian, at nagpursigi sila sa kanilang mga pagkakamali at krimen.

Habang ginagamit ng mga oportunistang taksil ang burukratismo sa kanilang mga nagsasariling kaharian, ginagamit naman nila ang sobrang demokrasya sa kanilang relasyon sa mga nakatataas na namumunong organo sa loob ng matagal na panahon. Hindi dapat pagtakhan kung gayon na sa pagtutol sa kilusang pagwawasto ay ikinalat nila ang sobrang demokrasya, paksyonalismo at panghahati. Nang hindi mapigilan ang kilusang pagwawasto, sinikap nilang pugutan ng ulo at wasakin ang Partido, ilayo dito ang mga kasapi ng Partido at ang mga organisasyong masa, at nakawin ang mga rekurso ng Partido para sa kanilang pagpapaksyon o para sa sariling kapakinabangan.

Ang pinakasagadsarin sa mga oportunistang taksil ay sina Arturo Tabara, Filemon Lagman, Ricardo Reyes, Romulo Kintanar at Benjamin de Vera. Sila rin ang may pinakamabigat na pananagutan sa pinakamalulubhang kamalian at krimen. Kasabwat nila bilang mayor na tagatuligsa sa Partido si Jose Eliseo Rocamora, isang matagal nang ahente sa paniniktik ng gubyernong Pilipino at isang asset sa paniniktik ng United States, na kasama si Ricardo Reyes ay naging pinakainstrumental sa paglalako ng linyang anti-Stalin at anti-Mao at sa pag-uugnay sa mga oportunistang taksil sa digmang sikolohikal at pakana sa paniniktik ng rehimeng US-Ramos.

Alinsunod sa mga alituntunin nito sa organisasyon, nilapatan na ng Partido ng mga kinakailangan at karampatang hakbang na pandisiplina ang mga oportunistang taksil at mga ayaw magwasto na mga oportunista. Tungkol sa mga krimeng tulad ng pang-eespiya, pagpaslang at pagnanakaw ng mga rekurso ng Partido, ang mga ito ay idaraan sa pag-uusig at paglilitis sa hukumang bayan. Ganap na taliwas sa mga kahayupang udyok ng ilan sa mga oportunistang taksil sa mga nakaraang kampanya ng isteryang anti-impormer, ang Partido ay mahigpit na sumusunod sa prinsipyo ng karampatang proseso ng hustisya at nagharap ng sumbong sa hukumang bayan laban sa mga pinaghihinalaang kriminal.

Sa mga kasong ang pinaghihinalaan ay batid ng madla na aktibong palaban sa rebolusyonaryong kilusan at siya ay armado o may mga armadong gwardya at kung gayo’y may kakayahang marahas na manlaban kapag inaresto at mapanganib, ang mga yunit na naatasang mang-aresto ay may mga depenidong pamamaraan ng paglaban o pag-iwas. Ang hindi pa pagpapatupad sa pag-aresto sa mga taksil ay isang pasyang pampulitika. Hinahayaan ng Partido na lalo pang maglantad ng sarili ang mga taksil nang sa gayo’y mabigo ang pakana ng kaaway na gamitin ang mga taksil na ito para mga layuning kontrarebolusyonaryo.

Ang mga oportunistang taksil ang pinakamahusay na guro sa pamamagitan ng negatibong halimbawa. Natututo

ang buong Partido sa takbo ng puspusang pagpuna at pagtatakwil sa kanila. Upang maging ganap ang pagtugon sa kahilingan ng mahigpit na disiplina at pagtataguyod ng rebolusyonaryong katarungan, kailangang humango ng aral sa malulubhang kamalian at krimen ng mga taksil.

Ganap nang malinaw na kailangang laging maging mapagmatyag sa mga lantad na kaaway gayon din sa mga ayaw magwastong mga oportunista na nakakapuslit sa mga responsableng posisyon sa loob ng Partido at nagtatangkang likidahin ang proletaryong rebolusyonaryong katangian nito. Ipinakikita ng ating karanasan sa ikalawang masaklaw na kilusang pagwawasto na kapag matagal na nagnaknak sa loob ng Partido ang burges na suhetibismo at oportunismo, ang Partido ay nanganganib na malikida at nagaganap ang isang matinding tunggalian ng dalawang linya. Mainam ang kalagayan natin dahil nagapi ng proletaryong rebolusyonaryong linya ang burges na reaksyunaryong linya sa paraang lahatang panig.

## II. PAPALALANG KRISIS NG NAGHAHARING SISTEMA

Ang papalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ay nagdudulot ng mga kondisyong paborable sa ibayong paglakas at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Ang rehimeng US-Ramos ay nagpapatupad ng mga patakaran para panatilihin ang mamamayan sa loob ng sistema at palalimin at palubhain ang krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal.

Ang Pilipinas ay isa sa pinakagrabeng biktima ng neo-kolonyalismo. Ang bayang ito ay tinataguriang “basket case” (kaso ng lugmok na ekonomya) ng Silangang Asya. Ito’y naghihirap dahil sa lahatang-panig na kawalan ng kasarinlan at sosyo-ekonomikong pagkabulok na bunga ng patuloy na pag-iral ng estado ng malaking komprador at panginoong maylupa at ng manipulasyon ng mga imperyalista sa ekonomya at pinansya. Ang mga patakaran sa ekonomya ng reaksyunaryong pamahalaan ng Pilipinas ay diktado ng mga

monopolyong empresang transnasyonal, ng kanilang mga bangkong komersyal at ng kanilang mga ahensyang multilateral — kabilang ang mga ahensya ng United Nations, Group of Seven, OECD, IMF, World Bank, Asian Development Bank at GATT/ WTO. Palagiang Depresyon ng Ekonomya

Ang mga patakaran sa ekonomya ng reaksyunaryong pamahalaan ay mababaybay sa mga sumusunod: pagsandig sa pamumuhunan at pautang na dayuhan, mga insentibo sa buwis at denasyonalisasyon sa pakinabang ng mga monopolyong dayuhan, mga garantiya sa pag-uuwi ng sobra-sobrang tubo ng mga dayuhang kapitalista, pagseserbisyo ng utang, lumalaking depisit sa badyet at kalakalan, pinababang kita at pagsupil sa mga karapatan ng masang anakpawis, pagbubuwis na higit na pabor sa mga mayayaman, ibayong malakihang pagbabawas sa kakarampot nang serbisyong panlipunan at iba pang pagtitipid na pumipinsala sa malawak na masa ng sambayanan.

Ang pagpapailalim ng reaksyunaryong pamahalaan sa sunud-sunod na "structural adjustment program" na ipinataw ng IMF, ang mga maling prayoridad na likha ng mga kondisyong itinakda ng World Bank at Asian Development Bank sa pagpapautang at kaloob na pondo at ang ratipikasyon ng huling desisyon ng GATT ay pawang garantiya ng pananatili ng mga atrasadong saligang salik ng ekonomyang Pilipino at ng lalong paglubha ng pagdaralita at kahirapan ng mga mamamayan.

Hindi magagawa na isang bagong industriyalisadong bayan ang Pilipinas pagsapit ng taong 2000 ng diumano'y medium term development plan (Philippines 2000) o ang listahan ng mga pangunahing programa at proyekto. Ang karamihan sa mga ito ay mga tipong-Marcos na proyektong pang-imprastuktura at pang-enerhiya. Ang namumukod-tanging pagtukoy na magtatayo ng isang integradong planta ng asero (integrated steel mill) ay pakitang-tao lamang o kaya'y pag-uulit ng lumang idea ng "beauty parlor" na pagproseso ng mga inangkat na steel sheets at mga produktong asero.

Walang-walang layunin na magtayo ng mga saligang industriya bilang pundasyon ng pambansang industriyalisasyon

at magsagawa ng tunay at puspusang reporma sa lupa. Nariyan lamang ang paghahangad at tulak na magluwas ng higit pa ng mga dating produktong niyayari ng umiiral na sistema ng produksyon: mga hilaw na materyal na produktong agrikultural at mineral, mga produktong reeksport na may mababang dagdag na halaga (low-value added reexports) at surplas na paggawa. Ang mga ito ay pawang nagigipit sa kasalukuyang pagkitid ng pandaigdigang pamilihang kapitalista bunga ng malawig na krisis sa sobrang produksyon.

Ang produksyong agrikultural sa batayan ng ekonomya ay patuloy na bumubulusok bunga ng mas mataas na presyo ng mga angkat na sangkap sa produksyon at ng pagkitid ng pamilihang pandaigdig. Gayon ma'y ibinubukas pang lalo ng GATT ang ekonomya sa pag-angkat kahit ng mga produktong agrikultural na may sariling produksyon ang Pilipinas. Ang umano'y Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ay nananatiling huwad dahil sa mataas na balwasyon ng lupa, mataas na retention limit, at napakarami pang eksemsyon. Pinalalala pa ng mga reaksyunaryo ang problema sa lupa dahil sa pagdaragdag pa ng mga eksemyon at pag-aalok sa mga empresang multinasyonal ng 50-taong kontrata sa pangungupahan na maaaaring ulitin tuwing 25 taon pagkatapos.

Ipinagyayabang ng rehimeng US-Ramos na 5.5 porsyento ang inilaki ng GNP o kabuuang pambansang produkto mula 1993 hanggang 1994. Ang paglaking ito umano'y "investment-led" o "pinangungunahan ng pamumuhunan". Sa katunayan, kasali sa "pamumuhunan" na nagpalobo sa GNP ang napakalaking halaga ng treasury bills na inilutang sa napakataas na interes, ang kita mula sa pribatisasyon ng mga empresa ng estado na binili ng mga dayuhang interes, ang panandaliang agos-papasok ng ispekulatibong kapital sa stock market, ang pamumuhunang Hapones at Taiwanes sa real estate, ang tantyang iniuuwing kita ng mga kontratadong manggagagawa sa ibayong dagat, at ang pautang ng dayuhan para sa mga napakagastos na proyekto para sa produksyon ng enerhiya, at kung anu-ano pa.

Inaamin ng mga ekonomista ng reaksyunaryong pamahalaan na humigit-kumulang sa kalahati ng kabuuang pamumuhunang dayuhan ay ispekulatibong kapital na tumungo sa stock market at mga seguro ng pamahalaan na inilutang sa napakataas na interes, at ang natitirang kalahati ay napupunta sa tuwirang sapi, lalo na sa pagpapaunlad ng real estate, sa pagsasapribado ng mga tumutubong empresa ng estado, sa telekomunikasyon, sa mga proyekto sa enerhiya at kung anu-ano pa. Ang sitwasyong pinansyal ng Pilipinas ay bigla-biglaang nagbabago dahil sa bilis ng agos papasok-palabas ng ispekulatibong kapital sa pamilihan ng istak at bono.

Tumaas man ang tantos sa paglaki ng GNP, hindi ito nangangahulugan ng mas mainam na kalagayang pang-ekonomiya sa Pilipinas hanggang ito ay nangangahulugan ng pananatili ng agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomyang walang saligang industriya at walang tunay at puspusang reporma sa lupa. Maliit pa rin ang GNP ng Pilipinas, na sa abstraktong pagsusuma ay nagreresulta ng karaniwang US$600 na taunang kita bawat tao, na sa aktwal ay kasama pa ang napakalaking porsyento na kinakamkam ng mga imperyalista at ng lokal na mga uring mapagsamantala. Ang nasa ituktok na isang porsyento at sampung porsyento ng populasyon ay nakapagpalaki ng kanilang bahagi mula sa kitang pambansa, sa kapinsalaan naman ng nasa ibabang 90 porsyento na nabawasan ng kanilang bahagi. Ang antas ng pamumuhay ng mahigit sa 76 porsyento ng populasyon ay mas mababa kaysa itinakdang hangganan ng karalitaan.

Ang depisit sa panlabas na kalakalan ay umabot sa rekord na US$6.2 bilyon sa pagtatapos ng 1993 at inaasahang aabot sa bagong rekord na US$7.5 bilyon sa taong ito. Ang halaga ng mga iniluluwas na hilaw na materyal na produktong agrikultural at mineral at ang mga muling iniluluwas na produktong mababa ang dagdag na halaga (low value-added) ay kapwa patuloy na pabulusok ang halaga at lumalaki ang agwat sa halaga ng mga inaangkat na kalakal na pangkonsumo at pamprodukto. Inilalantad ng mabilis na lumalaking depisit sa kalakalan taun-taon ang bulnerabilidad ng katayuan sa ekonomya at pinansya ng Pilipinas.

Ang reserbang internasyunal, na kadalasa'y sumasapat na pambayad sa angkat sa ilang buwan, ay pwedeng mawala sa loob ng isang iglap kapag huminto sa pagpasok ang iskpekulatibong kapital na dayuhan o kaya'y kapag inilabas ito nang malakihan, gaya ng nangyari sa Mexico, kung saan ang depisit sa kalakalan, debalwasyon ng piso at ang paglalabas ng ispekulatibong kapital ay nagkaepekto sa isa't isa at naging dahilan ng matinding pinansyal na pagbagsak ng ekomomya. Ang Pilipinas na walang rekursong langis, di tulad ng Mexico, ay tiyak na matinding tatamaan ng isang krisis sa pinansya na mas malubha pa kaysa sa nangyayari ngayon sa Mexico.

Ang utang mula sa labas ay lumaki mula sa US$30.9 bilyon sa pagtatapos ng 1992 tungo sa US$34.2 bilyon sa pagtatapos ng 1993, at mabilis pa itong tumataas bagamat paunti-unti lamang na ipinaaalam ito ng reaksyunaryong pamahalaan sa publiko. Ang panloob na utang na publiko ay lumalaki nang mas mabilis pa nga kaysa utang na panlabas, mula P521 bilyon noong 1992 hanggang P663 bilyon noong 1993, at lalo pang bumibilis ang paglaki nito. Ang pataw sa pagseserbisyo ng utang ay tumaas mula sa US$4.5 noong 1992 hanggang sa US$8.6 noong 1993. Sa bawat taon, napakalaki ng agwat sa pagitan ng pinaliit na halagang pambayad-utang sa nakalahad na badyet na aprubado ng Kongreso at ng halaga na talagang ibinayad alinsunod sa batas ng awtomatikong apropriyasyon para sa publikong utang.

Ang kalakhan ng gastos na umaabot sa 50 hanggang 60 porsyento ay pambayad ng utang at pangmantini ng mapaniil na makinarya ng estado. Ang kabuuang gastos sa huli ay masusuma kung pagsasama-samahin ang nagastos sa mga ito sa ilalim ng iba't ibang kagawaran, kabilang na ang Department of National Defense (DND), Department of Interior and Local Government (DILG) na namamahala sa Integrated National Police at lumalahok sa sandatahang kontrarebolusyon, at ang pondo sa paniniktik sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo. Ang napakalaking halagang umaabot

sa 1.2 bilyong piso ay para sa paniniktik lamang, at ito'y ginagamit sa pang-eespiya sa mga mamamayan, kabilang na ang mga empleyado ng reaksyunaryong pamahalaan. Daan-daang milyong piso ang inilalaan sa mga huwad na benipisyaryo ng amnesty at sa mga taksil.

Habang patuloy sa paglaki ang gastos para sa pagseserbisyo sa utang at para sa militar, patuloy namang lumiliit ang gastos sa edukasyong pampubliko, kalusugan, kagamitang pampubliko, imprastruktura, at iba pang pasilidad na panlipunan. Parasitiko sa kabuuan ang burukrasya dahil sa ang mga tauhan at pribilehiyo sa mga tanggapang di gaanong produktibo ay higit na marami kaysa doon sa mga tanggapang mas produktibo, tulad ng mga nasa serbisyong panlipunan. Nakatayo ang piramid ng burukrasya, at nasa ituktok nito ang matataas na burukratang humahamig ng kagulat-gulat sa laking mga pabuyang upisyal at di-upisyal mula sa kanilang mga tanggapan. Ang mga upisyal ng hukbo at pulisya ay iskandalosong nasasangkot din sa mga sindikatong kriminal.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay nasa palagiang depresyon bunga ng patuloy na paglubha ng mga kondisyon sa kalakalan, sa patuloy na paglaki ng utang, at sa panghihina ng sistema ng produksyon na nakaasa sa importasyon. Ang palagiang tantos ng disempleyo ay 25 porsyento sa minimum, na sa iba't ibang paraan ay ipinakikita sa upisyal na pinaliit na bilang ng mga walang trabaho at sa mas malaking bilang ng mga kulang sa trabaho, batay sa mga kahina-hinalang pakahulugan ng disempleyo.

Sa tunay na takbo ng kalagayan, ang tantos ng ganap na disempleyo ay pwedeng lumampas sa 40 porsyento, taliwas sa malinaw na palsipikadong upisyal na datos na 11 porsyento, na kataka-takang mas maigi pa kaysa tantos ng disempleyo na upisyal na tinatanggap sa karamihan sa mas mauunlad na ekonomya. Gayon man, ang upisyal na bilang ng kulang sa trabaho, na sa katunaya'y nangangahulugan ng disempleyo, ay higit pang malaki. Umaapaw ang lunsod at kanayunan sa dami ng lakas-paggawa na walang regular na empleyo. Ang reserbang

hukbong ito ng paggawa ay isang malaking salik upang mapanatiling mababa ang pasahod, at masaganang bukal din ng mga Pulang mandirigma.

Kapwa mataas ang porsyento sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin at sa pagbaba ng halaga ng piso. Gayon man, ang upisyal na tantos ng implasyon ay di-kapanipaniwalang siyam na porsyento, at sobra ang balwasyon ng piso sa palitang internasyunal dahil sa walang tigil na pangungutang sa labas, sa pagpasok ng ispekulatibo at di-pirming dayuhang kapital sa pamamagitan ng pagbili ng treasury bills na may mataas na redemption rates, istak at bono, at sa pagsasapribado ng mga empresa ng estado gaya ng Petron. Ang ganitong mga pangmadaliang hakbangin ay nagdudulot ng matagalang pinsala sa ekonomya. Sa anu't anuman, ang tinatayang arawang gastos sa pamumuhay ng isang anim-kataong pamilya sa pagtatapos ng 1993 ay P259 sa buong Pilipinas, P321 sa pambansang kabiserang rehiyon (NCR), at P252 sa mga probinsya, samantalang ang takdang nominal na kita ay P119 sa mga manggagawang di-agrikultural, P108 sa mga manggagawa sa plantasyon at P97 naman sa mga manggagawang agrikultural sa labas ng plantasyon.

Sadyang ginagamit ng rehimeng US-Ramos ang pagkataas-taas na tantos ng disempleyo upang lalong ibaba ang antas ng tunay na pasahod sa mga may trabaho, upang alisan sila ng seguridad sa trabaho, segurong panlipunan at iba pang pinaghirapang karapatan, at upang lansagin ang mga unyon. Ang mga unyon ay sumasaklaw sa 12 porsyento lamang ng 25.5 milyong may trabaho o kulang sa trabaho. Gayon man, 584,000 manggagawa lamang ang saklaw ng mga collective bargaining agreement (CBA). Ang kontra-manggagawang patakaran ng rehimen ay nakabatay sa layuning mang-akit ng pamumuhunang dayuhan para sa umano'y pagmamanupakturang nakatuon sa eksport sa pamamagitan ng mura at masunuring paggawa. Tinatangkilik nito ang "labor-only contracting"; ginagamit ang mga pamamaraan ng pakikialam ng estado (compulsory arbitration, assumption of jurisdiction, temporary restraining orders, atbp.) para wasakin ang mga welga at unyon, at ipinagkakaloob

ang mga garantiyang nagbabawal mag-unyon at magwelga sa malalawak na bahagi ng bansa na binigyan ng magagarbong pangalang “industrial estates” at “export- processing zones”; at ineengganyo ang mga kapitalista na magrekluta ng mga manggagawa batay sa serye ng anim na buwang kontrata (sistema ng kontrata sa paggawa) o batay sa sistemang por piraso.

Sa kawalan ng pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa, ang Metro Manila at ang mga syudad ng probinsya, tulad ng Cebu at Davao, ay umaapaw sa dagsa ng mga naghahanap ng pansamantalang trabaho. Ang karalitaan sa kanayunan ay papalaking nalilipat sa kalunsuran sa anyo ng mga lumalawak na distritong slum. Sa kanayunan, lumalala ang pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa papalwak na saklaw. Ang maliit na bilang ng mga nangungupahang magsasaka na sa nakaraa’y pumasok sa sistema ng pirming upa ay nawawalan ng karapatan sa pangangasama at ng karapatang bayaran nang hulugan ang lupang kanilang sinasaka dahil sa tumataas na gastos sa konsumo at produksyon. Bagamat ang mga baryo’y bininyagan na komunidad ng repormang agraryo ng rehimen, wala naman itong maibigay liban sa magarbong pangalan at hungkag na pangako ng suportang teknikal at pautang. Dahil sa paglaki ng populasyon sa kanayunan na nabubuhay sa limitadong lupang agrikultural, ang mga naghahanap ng pansamantalang trabaho mula sa kanayunan ang siyang pinakalamaking reserba ng paggawa sa buong bayan.

Ineengganyo ng rehimeng US-Ramos ang akumulasyon ng lupa at ispekulasyon sa lupa ng mga Pilipinong may sobrang pondo at nakapangungutang sa bangko. Iniaalok ng bawat antas ng reaksyunaryong pamahalaan ang pagtatayo ng mga “industrial estates” para sa umano’y pagmamanupakturang nakatuon sa produktong panluwas, para sa mga pasilidad na panturista at para sa mga bagong opisina ng gubyerno, nang sa gayo’y maalisan ang masa ng mga magsasaka ng karapatang mangupahan sa lupa at makamkam ang lupa ng mga etnikong minorya at maralitang setler na walang upisyal na titulo sa lupa. Bukod sa mga nabanggit na pagdadahilan, patuloy na inilalabas

ng reaksyunaryong pamahalaan sa saklaw ng reporma sa lupa yaong nasa kategorya ng lupang komersyal, industriyal at iba pa. Ang militar, pulis, paramilitar at pribadong hukbo ng kaaway ay nagsasagawa ng pinakamalulupit na armadong operasyon upang agawan ng lupa ang mga nagsasaka.

Ang rehimeng US-Ramos ang pinakamalaking mangangamkam ng lupa sa mga interyor na lugar at gayundin sa pagsasapribado ng mga primera-klaseng lupain gaya ng mga dating base militar ng United States sa Clark at Subic, Fort Bonifacio at Manila International Airport. Ang tunay na pangunahing pakay ng rehimeng Ramos ay hindi ang industriyal na kaunlaran ng bayan kundi ang pribadong akumulasyon ng lupa para sa layuning komersyal, totoo man o pakunwari, at iba pang layunin.

### Mararahas na Kontradiksyon sa loob ng Naghaharing Sistema

Iniluluwal ng lumalalang krisis na sosyo-ekonomiko ang lumalalang krisis sa pulitika ng naghaharing sistema. Hindi maibalik ng mga pulitikong sibilyan at militar ng malalaking komprador-panginoong maylupa ang sistema ng dalawang partido na umiral bago mag-1972, at hindi nila mapigil ang paksyonalisasyon ng reaksyunaryong sandatahang lakas. Kahima't sa malas ay napanumbalik ang mga pampulitikang institusyon at proseso ng panahong bago ipataw ang pasismo, ang mga ito ay pinapanghihina ng multipolarisasyon ng mga reaksyunaryo, at ang mga ito ay umaalingasaw, higit kailanman, sa baho ng korupsyon. Ang yamang pang-ekonomya at pampinansya na nakukulimbat ng mga nag-aagawang pangkat na pampulitika sa hanay ng mga reaksyunaryo ay malaki pa rin para sa ilang bulok na burukrata, pero lumiit na ito nang husto kung ikukumpara sa nakukulimbat noong paghahari ni Marcos.

Patuloy na umiiral ang mga saligang kondisyong nagluwal sa pasistang diktadurang Marcos. Walang ginawang radikal na pagbabago sa mga kondisyong ito ang rehimeng Aquino na tumayong interegnum lamang sa dalawang magkatulad na rehimen para magpakita ng wari'y pagbabago sa mga

naturang kondisyon. Sa katunayan, si Aquino ay sumandig sa suportang pampulitika at pangmilitar ng mga alagang pampulitika ni Marcos, gaya nina Ramos at Enrile. At tinabig na nila ang mga katulad ni Aquino mula sa ituktok ng naghaharing sistema. Ang mga prinsipal na karibal ni Ramos ay kinabibilangan ngayon ng mga pampulitikang inapo ni Marcos, gaya ng sarili niyang malalapit na kamag-anak at ni Eduardo Cojuangco. Ang pagbabago na naganap sa reaksyunaryong pulitika sa Pilipinas sa saligan ay ang multipolarisasyon sa hanay ng mga pampulitikang alaga at inapo ni Marcos mula sa monopolyo ni Marcos sa kapangyarihang pampulitika at ang papalaking papel na ginagampanan ng mga pulitikong militar at mga paksyong militar sa kondisyon ng mas bawas na rekursong nadarambong ng burukrasya kung ikukumpara sa panahon ng rehimeng Marcos. May pagbibigayan sa hanay ng mga kasalukuyang mayor na pampulitikang paksyon, partido at koalisyon ng mga reaksyunaryo laban sa mga mamamayan, pero mayroon ding pagtindi ng kanilang agawan sa kapangyarihan. Sa pagsisikap ni Ramos na remedyuhan ang kanyang pusisyon bilang presidenteng naluklok ng botong minorya, palakihin pa ang kanyang kapangyarihang pampulitika at kung maaari'y higitan pa ang pagmonopolyo sa kapangyarihan na inabot ni Marcos na matagal niyang maestro sa pulitika, siya ay pumasok sa pinakabulok na pakikipagkutsabahan sa kanyang mga karibal sa pulitika sa Kongreso, at bumubuo siya ngayon ng isang koalisyon ng Lakas-NUCD at Laban ng Demokratikong Pilipino (LDP), na pinangunguluhan ni Angara, kasalukuyang presidente ng Senado at dating matagal na kroni ni Marcos, laban sa Kilusan ng Bagong Lipunan (KBL) at Nationalist People's Coalition NPC) sa eleksyong lokal at lehislatibo na gaganapin sa 1995.

Gayon man, patuloy pa rin ang kontradiksyon sa hanay ng mga pampulitikang inapo ni Marcos. Batid ng mga susing organisador ng koalisyong maka-Ramos ang pakay ni Ramos na manatili sa kapangyarihan nang lampas sa 1998 sa pamamagitan ng pagbabago sa konstitusyonal na pagbabawal sa reeleksyon ng pangulo at sa pamamagitan ng paglipat mula sa presidenyal tungo sa parlamentaryong porma ng pamamahala.

Tiyak na susulpot ang malaking banggaan sa naghaharing sistema kapag ipinursige at kung ipupursige ni Ramos ang kanyang pakanang ala-Marcos. Ang mga paksyong anti-Ramos sa Armed Forces of the Philippines, gaya ng Rebolusyonaryong Alyansa ng mga Makabayan (RAM), Soldiers of the Filipino People (SFP) at Young Officers' Union (YOU), ay mukhang nakipagkompromiso na sa naghaharing pangkating US-Ramos upang mapalaya ang kanilang mga nakabilanggong lider noong 1992. Subalit patuloy silang naghaharap ng mga kahilingan at sa pana-panahon ay nagbabantang magsagawa ng mga hakbanging militar. Ang mga upisyal at tauhan ng mga paksyong ito sa loob ng AFP ay tumangging lumagda sa klase ng amnestiyang alok ni Ramos, at ginagamit nila ang pansamantalang paghinto ng pakikipaglaban sa naghaharing pangkatin upang lihim na makapagrekluta pa ng mga upisyal at tauhan sa AFP at makapag-organisa ng sariling mga alagad na sibilyan. Itinuturing nilang mas mahusay pa sila kaysa kay Ramos at iba pang pulitikong militar na nakapangibabaw sa kanila. Ang mga makinarya ng estado sa pamumwersa ay pinapanghihina hindi lamang ng pampulitikang paksyonalisasyon ng mga tauhan ng mga ito kundi ng malawakang pagkakasangkot din ng mga upisyal at tauhan ng militar, pulis at paramilitar sa pangungurakot sa burukrasya at sa mga kriminal na aktibidad gaya ng ilegal na pagtotroso, ismagling, prostitusyon, sugal, kidnap-for-ransom at pagnanakaw. Karaniwang gawi na ng buu-buong kumand ng militar at pulisya ang magpakaabala sa pagpapayaman kaysa isapanganib ang kanilang buhay sa mga armadong kampanya at operasyon ng panunupil laban sa mga rebolusyonaryo. Malaking halaga ang ginagastos sa pakikidigmang sikolohikal, paniniktik, amnestiya at "rehabilitasyon", at "aksyong sibiko", kaya naeengganyo silang mag-imbento ng mga resulta ng armadong kontrarebolusyon (gaya ng mga huwad na surender at mga benepisyaryo ng amnestiya, at kung anu-ano pang proyekto) at kasabay nito ay magpayaman.

Ang Moro National Liberation Front (MNLF) ay matagal nang nakipagtigil-putukan sa reaksyunaryong pamahalaan. Subalit patuloy ang paghahangad nito ng pambansang pagpapasya sa

sarili ng mga mamamayang Moro. Kaalinsabay nito, hinahamon ng Moro Islamic Liberation Front at iba pang armadong grupo (kabilang ang mga armadong angkan) ang liderato ng MNLF sa pagpapakita na higit silang determinado kaysa huli na maglunsad ng sandatahang pakikibaka laban sa gubyerno sa Manila.

Ang pinakaseryosong ikinahihina ng buong reaksyunaryong estado ay ang di-matiis na pang-aapi at pagsasamantala nito sa sambayanan, na nagluluwal ng paglaban. Sa sariling kapinsalaan, ginagawa nito ang napakalupit na pandarahas sa mga mamamayan at paglulustay ng palaki nang palaking rekurso sa anyo ng inilalabas na limpak-limpak na tubo, serbisyo sa utang, gastos sa militar, at kurakot sa burukrasya. Kung hindi sa pananabotahe sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ng mga tagatulak ng linyang “estratehikong kontra-opensiba”, insureksyonismong urban at adbenturismong militar, malaki na sana ang naisulong ng sandatahang rebolusyonaryong kilusan mula nang bumagsak ang pasistang rehimeng Marcos. Kung hindi sa pananabotahe ng mga “Kaliwa” at Kanang oportunista, malaki na sana ang naisulong ng legal na demokratikong kilusan. Bunga ng kilusang pagwawasto, ang pwersang rebolusyonaryo ay maari nang lumakas at sumulong, at lalo pa nitong palalalain ang krisis ang reaksyunaryong estado.

Ang malubhang pinsalang idinulot ng mga oportunistang taksil sa rebolusyonaryong kilusan ang siyang nagpalakas ng loob ng rehimeng US-Aquino at rehimeng US-Ramos para ipamarali na natamo na nila ang “kapayapaan at istabilidad”, sa kabila ng paglubha ng krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal ng naghaharing sistema. Tumpak na sabihing ang krisis ay nagpapatuloy. Subalit hindi ito awtomatikong naisasalin sa tagumpay ng rebolusyon kung ang mga pwersang rebolusyonaryo ay walang sapat na lakas para samantalahin ang mga obhetibong kondisyon. Ito ay nangangahulugan lamang na ang mga obhetibong kondisyon ay paborable sa pag-unlad ng mga pwersang rebolusyonaryo.

Sa iba't ibang dahilan, si Ramos ay pakunwang nananawagan ng kapayapaan at pakikipagkasundo sa kanyang mga karibal na pulitiko, sa mga paksyong anti-Ramos sa loob ng AFP, sa MNLF, at maging sa mga rebolusyonaryong pwersang kinakatawan ng NDF. Kabilang sa mga dahilan ang kanyang pangamba sa lumalalang krisis ng naghaharing sistema at sa pagsulong ng mga rebolusyonaryong pwersa, ang kanyang hangaring komplementaryuhan ng pakikidigmang sikolohikal ang kalupitan ng armadong kontrarebolusyon, at ang kanyang hangaring remedyuhan ang kanyang bulnerabilidad bilang presidente na naluklok ng botong minorya at bilang presidenteng Protestante sa tinatawag na bayang Katoliko. Inaawit ng rehimeng US-Ramos ang mapang-aliw na himig ng kapayapaan para isaliw ito sa malulupit na kampanya ng panunupil laban sa pwersang rebolusyonaryo at mga mamamayan. Kinakalkula nito na ang pakikipag-usap sa NDF, ay makalilikha ng kahit kaguluhan man lamang sa rebolusyonaryong hanay, makakaengganyo ng panghahati at pagsuko, at makapag-uudyok ng pagtataksil tungo sa pakana nitong "amnestiya (pagsuko) at rehabilitasyon". Subalit matatag ang paninindigan ng mga pwersang rebolusyonaryo sa linya ng isang makatarungan at matagalang kapayapaan sa pamamagitan lamang ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang Partido at iba pang pwersang rebolusyonaryo ay nagbigay ng awtorisasyon sa panel ng NDFP sa negosasyon upang makipag-usap sa panel ng GRP (pamahalaan ng Pilipinas). Kasabay nito, nililinaw natin na may magkatimbang na magkakasalungat na mga layunin sa pagitan ng dalawang panig na nag-uusap at hindi tayo papayag sa anumang pakikipag-usap ng GRP sa ibang entidad kung hindi sa panel lamang sa negosasyon ng NDFP.

Habang pinalalawak ni Ramos ang kanyang base sa hanay ng mga reaksyunaryong pulitiko at ginagamit ang panahon para madisarmahan ang kanyang mga armadong katunggali, pinalalaki din niya ang kanyang kapangyarihan sa pinakabulok na paraan, gaya ng pagmamanipula niya upang makontrol ang Kongreso, at ng pagbubuo niya ng koalisyon ng Lakas-NUCD at Laban. Makikita pa sa hinaharap kung hanggang saan

maisusulong ni Ramos ang kanyang ambisyong ala-Marcos na monopolisahin ang kapangyarihan, sa kalagayang humihilig ngayon ang United States sa mga posturang demokratiko at sa tiyak na pagtutol ng iba't ibang puwersa sa loob ng bayan. Ang ispesyal na misyong itinakda kay Ramos ng kanyang mga among Amerikano sa Washington ay lipulin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng taktika ng "low instensity conflict". Kabilang sa taktikang ito ang makahayup na pagsugpo sa imprastruktura (ang Partido, ang mga organisasyong masa at ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mga mamamayan) ng armadong kilusang rebolusyonaryo, at ang paggamit ng pakikidigmang sikolohikal.

Ang mga kampanyang militar na lubhang pumipinsala sa buhay at ari-arian ng mga mamamayan ay yaong sa pwersahang pagpapalikas ng buo-buong komunidad sa layuning pagkaitan ang BHB ng baseng masa. Ginagamit ang pambobomba, panganganyon, strafing, buldoser at iba pa. Kasabay ng mga ito ay isinasagawa ang ilegal na detensyon, tortyur, masaker, pandarambong at panununog. Ang lupang iniwan ng mga nagsilikas ay inookupa ng malalaking korporasyon at mga upisyal ng reaksyunaryong pamahalaan. Ang mga upisyal ng militar ay naeengganyong magsagawa ng sapilitang pagpapalikas ng masa sa tuwing may pagkakataon silang mangamkam ng lupa para sa sarili o kaya'y mangontrol sa mga konsesyon ng pagtotroso.

Ang pinakamaraming paglabag sa karapatang-tao ay nagaganap sa ganitong sapilitang pagpapalikas ng masa. Gayon man, minemenos ng ilang burukrata sa ilang organisasyon ng karapatang-tao na nakabase sa Manila ang mga maramihang paglabag na ito sa karapatang-tao na nagaganap sa sapilitang pagpapalikas, at sa halip ay pinatitingkad nila ang diumano'y pagkabawas ng paglabag sa karapatang-tao ng mga indibidwal. Upang mabigyang-kasiyahan ang mga dayuhang ahensyang tagapondo, nagkukunwa silang nyutral pero sa katotohanan ay palaban sila sa mga pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan. Dahil dito, itinatakwil sila ng mga tunay na organisasyon sa karapatang-tao at ng mga progresibong organisasyong masa.

Ang pakidigmang sikolohikal ng Low Intensity Conflict ay sumasaklaw hindi lamang sa operasyon ng relasyong sibil ng mga tauhang militar kundi pati sa mga operasyong pampropaganda ng mga taksil, gayon din ng mga akademiko, publisista at mga burukratang NGO na nagkukunwang "ikatlong pwersa" o "bagong kaliwa" at sanay sa pagkakalat ng kasinungalingan at paninira laban sa pwersang rebolusyonaryo. Ang mga ahenteng pampropaganda ng dayuhang monopolyong kapitalismo ay nagiging mas agresibo sa iba't ibang sektor sa paglalako ng linyang anti-Stalin at anti-Mao sapul nang maglunsad ang United States at mga imperyalistang alyado nito ng imbing opensiba sa ideolohiya at pulitika kaugnay ng kaguluhan sa Tsina noong l989 at ng pagkalusaw ng mga rebiyonistang rehimen sa Silangang Europa. Ang Partido at ang National Democratic Front ay gumawa ng mga desisyon laban sa mga bagong ispesyal na ahenteng ito ng anti-komunismo, at tinukoy kung sinu-sino sila, ang kanilang magkakaparehong islogan, at ang samu't saring pala-palagay na ikinakalat nila.

Bago pa man inilunsad ng PKP ang kilusang pagwawasto, namantini ng Partido at ng mga pwersang rebolusyonaryo ang kanilang lakas, at natagalan nila ang mga dagok ng Lambat Bitag I, II at III, sapagkat may mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at mga pulang kumander at mandirigma na kumapit sa wastong linya at sinamantala nila ang papalalang krisis ng naghaharing sistema. Sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto, ang Partido, ang BHB, ang NDF at ang iba pang rebolusyonaryong pwersa ay mas mahusay na nasasandatahan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon upang labanan ang kaaway. Natagalan at nabigo nila ang mga prontal na atake ng mga lantarang kaaway, gayon din ang mga atake sa ideolohiya at pulitika mula sa tagiliran na ginagawa ng mga ispesyal na ahente ng kaaway .

Taun-taon ay sinisikap ng kaaway na matamo ang tinatawag nitong estratehikong tagumpay laban sa BHB. Dahil sa mga mapanghating aktibidad ng mga oportunistang taksil noong 1992-93 at saka ng sarili nitong lantad na atakeng anti-komunista sa taong 1994, ang reaksyunaryong sandatahang lakas

ay naengganyong maglunsad ng malakihang kampanyang opensiba sa ilalim ng Lambat Bitag III sa ilang larangang gerilya, subalit lubha itong nabigo sa ganitong layunin. Sa taong 1994, nagpatuloy ang kaaway sa pagsasagawa ng mga malakihang kampanya ng pagsugpo sa mga piling bahagi ng bayan at sa paggamit ng mga operasyon ng maliliit na yunit sa maraming bahagi ng bayan.

Ang mga palsong pahayag ng kaaway na nabawasan nito ang sandatahang lakas at teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan ay pinasisinungalingan ng katotohanang patuloy nitong pagdaragdag ng gastos ng reaksyunaryong pamahalaan para sa mga pwersa ng militar, pulisya at paramilitar at sa pagtanggi nitong dinggin ang hangad ng mga mamamayan na bawasan ang mga pwersang ito at alisin sa mga opensibang posisyon laban sa mga larangang gerilya at mga mamamayan. Inaamin ng mga upisyal ng reaksyunaryong pamahalaan na hindi pwedeng ilipat sa ilalim ng Integrated National Police ang 12,000 sa 40,000 baryo ng Pilipinas, gayong inaatasan silang gawin ito sa 1994 sa bisa ng batas na lumikha sa Department of Interior and Local Government.

Lagi ring palsong ibinabando ng kaaway na nababawasan daw taun-taon ang sandatahang lakas ng BHB mula sa antas ng 25,000 HPR ng 1987. Hindi kailanman naabot ng BHB ang ganitong antas bunga ng mga "Kaliwang" oportunistang pagkakamali. Sa katunayan, ikinababahala ng kaaway ang katotohanang pinalalawak at pinatatatag ng BHB ang baseng masa nito, at sa pundasyong ito ay higit na nakapaglulunsad ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya. Anuman ang koro ng rehimeng US-Ramos, mga oportunistang taksil, mga anti-komunistang petiburges at reaksyunaryong pahayagan tungkol sa diumano'y pagliit ng armadong lakas ng BHB, ang mahalaga ay ang nagaganap na paglawak at pagtatag ng baseng masa, gayon din ang pagtindi ng pakikidigmang gerilya.

Laging hayok ang rehimeng Ramos sa dagdag na tulong na militar mula sa United States. Kapalit nito, laging binabanggit ng rehimeng Ramos ang US-RP Mutual Defense Treaty ng

1951, ang US-RP Military Assistance Pact ng 1948, gayon din ang US-RP access agreement ng 1992, upang pormal na bigyang-daan ang abanteng pagpupusisyon ng mga tauhan at sandatang militar ng United States sa teritoryo ng Pilipinas sa ilalim ng tinatawag na RP-US Acquisition and Cross-Servicing Agreement (ACSA), nang sa gayo'y malusutan ang pagbabawal ng konstitusyon sa mga dayuhang base militar at sandatang nukleyar sa Pilipinas.

Ang abanteng pagpupusisyon ng mga tropa at kagamitang militar ng United States sa mga kampong militar ng reaksyunaryong sandatahang lakas ay alinsunod diumano sa patakarang US sa abanteng pagdeploy ng tropa laban sa mga kaaway nito sa rehiyong Asya-Pasipiko at hanggang sa Gitnang Silangan. Kasabay nito, ang mga pwersang militar ng US ay abanteng ipinupusisyon laban sa armadong rebolusyong Pilipino. Subalit gaano man kalaki ang tulong na militar mula sa United States, Japan at iba pang bayan, hindi nito masusugpo ang pambansa at demokratikong adhikain ng sambayanang Pilipino, gayon din ang kanilang kapasyahang ilunsad ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang legal na demokratikong kilusan.

## III. ANG PATULOY NA LUMALALANG KRISIS NG PANDAIGDIG NA SISTEMA NG KAPITALISMO

Ang Pilipinas ay kabilang sa nakararaming mga bayan sa daigdig na kulang sa pag-unlad at nakasadlak sa depresyon. Kabilang sa mga bayang ito yaong nasa ikatlong daigdig, kasama na ang malalawak na bahagi ng malalaking bayang tulad ng Tsina, lndia at Brazil na may ilang saligang industriya, at ang karamihan sa mga bayan ng dating blokeng Sobyet, kasama na ang malalaking bahagi ng dating Unyong Sobyet, lalo na sa Central Asia at Caucasus. Dinaranas nila ang neo-kolonyal na pagsasamantala, mababang presyo ng mga eksport na hilaw na materyal, at napakabigat na pasaning utang. Ang mataas na teknolohiyang gamit ng mga supermonopolyo sa pagkakamal ng tubo ay mabilis na nagtutulak ng krisis sa produksyon na sa lubha at tagal ay walang kapantay sa nakaraan. Sa buong daigdig,

patuloy ang paglaki ng agwat sa pagitan ng nahuhuling kakayahan sa pamimili ng mga konsyumer at ng sumusulong na produktibidad — pangyayaring bunga ng malakihang disempleyo at pagkabawas ng benepisyong sosyal, higit na pagdaralita at paghihirap ng mga mamamayan maging sa mga industriyal na bayang kapitalista, at higit pa sa hanay ng mga mamamayan sa karamihang bayan ng daigdig na pawang salat sa kaunlaran. Tumitindi ang kontradiksyon ng mga pwersa at relasyon ng produksyon sa buong mundo.

Ang krisis ng sobrang produksyon, na likha ng paggamit ng mataas na teknolohiya para magkamal ng dambuhalang tubo at ng pang-aabuso sa bawat maisipang instrumento sa pinansya, ay nagpapatindi sa kompetisyon sa hanay ng mga monopolyo sa loob ng mga industriyal na bayang kapitalista gayundin sa hanay ng mga bayang sentro ng pandaigdigang kapitalismo. Gayon man, kahit magkakakumpitensya, ang mga bayang ito ay nagkakaisa laban sa proletaryado at mga mamamayan ng daigdig na kanilang pinagpapasahan ng bigat ng krisis. Ginagamit nila ang Group of 7, OECD, IMF, World Bank, GATT/WTO at iba't iba pang multilateral na ahensyang kontrolado nila upang ipataw sa lahat ng iba pang bayan ang kanilang mga mapagsamantalang patakaran sa pamumuhunan, kalakalan, pautang, salapi at iba pang usaping pang-ekonomya. Patuloy na niyayanig ng krisis ng sobrang produksyon ang pandaigdig na sistema ng kapitalismo, bagamat gumawa ng positibong tantya ang Organisation for Economic Cooperation and Development (OECD) na sa pangkalahatan ay umabot sa 2.8 porsyento ang karaniwang tantos ng paglago sa gross domestic product (GDP) ng 25 kasaping-bayan nito, bago naganap ang malaking debalwasyon ng salapi ng Mexico, ang ika-25 kasapi. Ang tantyang dagdag sa bilis ng paglago ng iilang bayan ay kapinsalaan naman ng lubos na nakararaming bayan na lalong nalulubog sa papalalim na depresyon ng ekonomya, at nangangahulugan ng relatibong pag-angat at siklo ng pagbaba at pag-usad mula sa dating antas ng resesyon sa mga industriyal na bayang kapitalista.

Kasabay ng ipinamamaraling bahagyang pagbawi ng mga ekonomya ng mga industriyal na bayang kapitalista, laganap ang pagsusuri na nakaamba ang panibagong pagbagal ng pag-unlad ng kanilang ekonomya. Kahit sa hanay ng mga bayan ng OECD, patuloy ang pangkalahatang tendensya ng pagbaba ng tantos ng tubo ng buo-buong ekonomya ng mga bansa. Patuloy sa pagbulusok ang mga pamilihan ng istak at bono. At ang libu-libong bilyon ng ispekulatibong kapital na inilipat mula sa mga industriyal na bayang kapitalista tungo sa umano'y mga "umuusbong na pamilihan" sa Silangang Asya at Timog Amerika noong 1992 ay parang mapangwasak na bagyong nagpalipat-lipat nitong 1993 at 1994 at hindi ngayon malaman ng mga ispekulador sa pinansya kung saan ito ilalagay sa susunod makaraan ang pagbagsak sa pinansya ng Mexico.

Ang tantos ng disempleyo ay nananatiling mataas sa 11.6 porsyento sa mga bayan ng OECD, sa kabila ng sari-saring paraan para ikubli ang kawalan ng hanapbuhay. Batay sa upisyal na datos, ang kabuuang bilang ng mga walang hanapbuhay sa mga industriyal na bayang kapitalista ay umaabot sa 35 milyon. Ang nakarehistrong tantos ng disempleyo ng pinakamahihinang bayan sa hanay ng mga industriyal na bayang kapitalista ay halos 20 porsyento ng kanilang pwersa sa paggawa. Sa hanay ng mga supermonopolyo, patuloy ang tunguhing magbawas ng trabaho sa paggamit ng mas mataas pang teknolohiya, magdeklara ng mas mataas na tubo o kaya'y magbawas ng lugi sa pamamagitan ng pagbabawas ng trabaho; sa hanay naman ng mga gubyerno ay patuloy ang tunguhing magbawas ng serbisyong panlipunan at magsapribado ng mga empresa ng estado at mga serbisyong publiko, at sa gayo'y nagpapatalsik sa mga manggagawa sa kanilang mga trabaho.

Ayon sa tantya ng OECD, ang United States ang may pinakamataas na tantos ng paglago ng GNP, na umaabot sa 11.5 porsyento. Ang Japan, na mukhang umaahon mula sa resesyon, ay may isang porsyentong bilis ng paglago ng GNP. Tumitindi ang kompetisyon sa pagitan ng United States at

Japan sa kanilang mga pinaghahatiang pamilihan bunga ng pagsisikap ng E.U. na palakihin ang sariling pagmamanupaktura at eksport. Sinisikap din nito na dagdagan ang sariling eksport sa Japan dahil sa malaki pa ring depisit (mahigit na US$ 60 bilyon sa pagtatapos ng 1994) sa pakikipagkalakalan nito sa Japan. Malakas ang panikwas ng US laban sa Japan dahil sa ito pa rin ang pinakamalaking pamilihang pangkonsyumer para sa mga produktong Hapones, dahil sa kontrolado pa rin ng US ang mga karapatan sa patent sa elektroniks at iba pang mataas na teknolohiya at ang mga pinanggagalingan ng panggatong at iba pang hilaw na materyal, at dahil ang US pa rin ang nagdidikta ng mga kondisyon ng seguridad sa rehiyong Asya-Pasipiko. Nananatiling motor ng Europa ang Alemanya, na 2.8 porsyento ang paglago, dahil sa tinatambakan nito ang pamilihan ng dating Silangang Alemanya at iba pang mga bayan sa blokeng-Sobyet ng mga kalakal na luwal ng mga plantang industriyal nito sa Kanluran.

Sa labas ng OECD, Tsina ang may pinakamataas na tantos ng paglago ng GNP na umaabot sa 11.5 porsyento, subalit ito'y dumaranas ng 25 porsyentong tantos ng implasyon at tagibang na pag-unlad. Ang ekonomya nito ay pinaghihirap ng mga epekto ng panunumbalik ng kapitalismo. Sobrang diin ang ibinibigay sa "manupakturang pang-eksport". Patuloy na pinalalaki ng bagong malaking burgesya ang bahaging nakakabig nito sa pambansang kita at nagpapasasa ito sa sobrang konsumo; sa kabilang dako, ay palubha nang palubha ang paghihirap ng mga manggagawa, magsasaka, at panggitnang saray sa lipunan. Mahigit na 90 porsyento ng mga mamamayan ay nakasadlak sa karalitaang higit na malubha pa kaysa noong bago tinalikuran ng mga maka-Deng ang sosyalismo. Laganap ang ligalig na panlipunan sa Tsina dahil sa mataas na tantos ng kawalang-hanapbuhay, mababang pasahod sa mga manggagawa kahit sa mga probinsya sa baybaying-dagat, arbitraryong pagtatanggal sa trabaho, pagkawala ng seguridad sa trabaho, hindi pagbabayad o kaya'y atrasadong pagbabayad sa mga

magsasaka para sa kanilang mga produkto, implasyon, arbitraryong buwis at korupsyon. Inaamin mismo ng mga upisyal ng Tsina ang nagaganap na pagbulusok at panghihina ng mga industriyang pang-estado at ng agrikultura.

Ang tantos sa paglago ng Hongkong, Timog Korea, Malaysia, Singapore, Taiwan at Thailand ay karaniwang 7.6 porsyento; ang Timog at Gitnang Amerika, 4.4 porsyento; at ang Czech Republic, Poland at Slovakia ay 3 porsyento, 4 na porsyento at 3.5 porsyento, ayon sa pagkakasunud-sunod. Kasama ng mga probinsya sa baybayin ng Tsina, ang mga bayang ito ay nakikinabang bilang mga katulong ng mga pandaigdig na sentro ng kapitalismo (ang United States, Japan at Kanlurang Europa) sa kanilang estratehiya sa pamumuhunan at pamilihan. Tiyak na daragdagan pa ng United States ang kanyang eksport sa Silangang Asya at babawasan naman ang pedido nito sa mga produktong pangkonsyumer mula sa rehiyong ito kapag bumwelo nang husto ang North American Free Trade Area (NAFTA) at ang malayang kalakalan sa Amerika Latina.

Sa higit pang pang-aabuso sa sistemang pampinansya ng daigdig mula noong 1992 hanggang 1994, ang mga tagapamahala ng pondong internasyunal ay lumikha ng napakaraming financial derivatives at naglipat ng sangkaterbang kapital na ispekulatibo sa umano'y mga "umuusbong na pamilihan" sa Silangang Asya at Timog Amerika upang maiwasan ang pabulusok na pamilihan ng istak at bono sa United States, Japan at Kanlurang Europa. Pero sa loob ng panahon ding ito, umagos palabas ang pondo na simbilis ng agos papasok sa dagliang pagkabig ng tubo. Nakaamba pang maganap sa Pilipinas ang mabigat na pinsalang dulot ng dagsa ng ispekulatibong kapital na una nang pumalo sa ibang mga "umuusbong na pamilihan" sa Timog Asya.

Ang Mexico ngayon ay nasa gitna ng malaking debalwasyon ng salapi na resulta ng dagsaang pagpapapasok ng ispekulatibong kapital na ito, at ang krisis nito sa pinansya

ay tiyak na lilikha ng gayon ding krisis sa iba pang mga “umuusbong na pamilihan” sa Amerika Latina at nagtutulak sa United States na magpalitaw ng pondong pansalba kapalit ng kinakabig nitong bahagi taun-taon sa kitang-langis ng Mexico.

Nakaamba sa Pilipinas ngayon ang isang krisis sa pinansya na maaaring malubha pa kaysa krisis ng Mexico dahil sa ang Pilipinas ay dagan sa bigat ng dayuhang kapital na ispekulatibo, patuloy na lumalaki ang depisit sa kalakalan, malubha ang pagkapitpit sa bigat ng mga utang at sa kawalan ng mga produktong panluwas kung ihambing sa Mexico. Sa kasalukuyang sitwasyon ng ekonomyang pandaigdig, talagang hindi makakaasa ang rehimeng US-Ramos na gawing bagong industriyalisadong bansa ang Pilipinas pagsapit ng taong 2000. Ang United Nations, lalo na ang Security Council nito, ang NATO at iba pang mulilateral at bilateral na alyansang militar ay kinakasangkapan ng United States upang ipataw ang kanyang paghahari at pabahagiin sa gastos ang mga alyado, mag-astang nagtatanggol ng soberanya ng iba pang bayan o kaya’y gumagawa ng misyong makatao at kumuha ng pakinabang mula sa panghihimasok at pananalakay. Ang United States at ang mga alyado nito, gayon din ang United Nations, ay sobrang nananaklaw sa pag-aastang tagapangalaga ng kapayapaan.

Kasunod ng tagumpay ng digmang pananalakay na pinamunuan ng Estados Unidos sa ilalim ng bandila ng United Nations noong 1991, hinigpitan ng United States ang kontrol nito sa mga rekurso ng langis at ekonomya ng mga bayan ng Gitnang Silangan, at pinakana nito ang isang marupok na kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Israel at Palestina. Pinalalaki rin ng US ang interes at impluwensya nito sa Hilagang Amerika, Gitnang Asya at Malapit na Silangan. Inirereklamo na ng Pransya ang pagkasangkapan ng US sa pundamentalismo sa relihiyon sa paglikha ng mga oportunidad para sa sarili upang mapasok at makontrol ang ilang bayan. Sa pagkalusaw ng mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Asya at pagkabagsak ng Unyong Sobyet, napasanib ang Rusya at ang mga bayan ng Silangang Europa sa Organisasyon sa Seguridad at Kooperasyon ng Europa. Lahat ng mga bayang ito’y nangangarap na mapasali

sa Unyon ng Europa sa hinaharap, walang pagkabahala sa pakanang pananatilihin silang mga buntot ng neo-kolonyalismo. Ang mga anti-komunistang rehimen sa Gitnang Europa ay nagmumungkahing mapasali sa NATO, bagay na ipinag-aalma ng Rusya. Ang United States naman ay pinalulubag ang loob ng Rusya sa pamamagitan ng retorika ng "pagpapartner sa kapayapaan".

Ang karamihan sa mga rehiyonal na armadong tunggalian na "inareglo" ng United States at Unyong Sobyet sa nakaraan, gaya ng sa Afghanistan, Angola at Mozambique, ay hindi pa rin nalulutas. Maging doon sa mga nagkalagdaan na ng mga kasunduang pangkapayapaan, nag-aagawan pa rin sa posisyon ang magkakatunggaling mga pwersang pampulitika na suportado ng mga armadong organisasyon. Sa mga kasong nagsisuko sa kaaway ang liderato ng rebolusyonaryong kilusan, gaya ng sa El Salvador at Nicaragua, bumaling sa anarkiya at panunulisan ang ilang armadong grupo. Nagkawatak-watak ang ilang prente sa pagpapalaya, tulad ng Frente Sandinista de la Liberacion Nacional (FSLN) at Farabundo Marti de la Liberacion Nacional (FMLN), at karamihan ng mga pinuno nito ay nahagip na sa lambat ng repormismo, tuwirang pagsuko o pagkabulok. Sa South Africa, ang neo-kolonyal na pakikipagkompromiso ng African National Congress (ANC) sa puting kolonyal na paghahari ay katulad ng pinasok ng Partido Nacionalista sa Pilipinas at pamahalaan ng Estados Unidos noong 1935, at mukhang umuubra pa bagamat patuloy na bumubukal ang ligalig sa lipunan. Sa Palestina, ang kasunduan sa kapayapaan sa pagitan ng Palestinian Liberation Organizations (PLO) at ng pamahalaang Israeli ay sinasampal ng patuloy na paglaban ng mamamayang Palestino.

Sa kabila ng lantarang panunumbalik ng kapitalismo sa dating Unyong Sobyet, Silangang Europa, Tsina at Indotsina, mayroon pang mga bayan na malakas na nagtatanggol sa pambansang kasarinlan at sosyalismo, gaya ng Demokratikong Republikang Bayan ng Korea at Cuba, sa harap ng embargong pang-ekonomya at mga bantang pananalakay na militar ng United States. Ginagamit ng United States ang panunuhol at pamimilit

sa kanila, at sinisikap nitong himukin sila na magbago ng patakaran. May iba pang mga bayang tulad ng Iraq at Libya na nagtatanggol sa kanilang pambansang kasarinlan laban sa imperyalismo at ginagamitan din ng embargong pang-ekonomya at panggigipit sa pulitika.

Ang bagong kaguluhan sa daigdig ay nililikha ng patuloy na lumalalang krisis sa ekonomya ng pandaigdig na sistema ng kapitalismo. Nagaganap ang mararahas na hidwaan — sa lawak na walang kapantay sa nakaraan — sa mga bayang pinagsasamantalahan ng dayuhang monopolyong kapitalismo at nakalubog sa depresyon ang ekonomya sapul noong huling bahagi ng dekadang ’70. Ang mga ito ay nagkakaanyo sa mga kudeta at kontra-kudeta sa hanay ng mga pangkating burukratiko, digmaang sibil ng mga reaksyunaryo, labanang etniko at relihiyoso, ispontayong protesta ng masa, pag-aalsa at digmang rebolusyonaryo.

Kahit sa mga industriyal na bayang kapitalista ay nagkakaroon ng mabilis na polarisasyon na dulot ng krisis sa ekonomya at ng pagkasira ng reputasyon ng mga tradisyonal na partido ng malaking burgesya. Umaagos ang sama-samang aksyong masa ng mga manggagawa, kabataan, kababaihan at iba pang mamamayan. Kasabay nito ay muling lumilitaw ang sobinismo, neo-pasismo at rasismo na pangunahing nakatuon sa mga migranteng manggagawa. Sa kawalan ng malakas na rebolusyonaryong partido ng proletaryado, nababalasa pa ng malaking burgesya ang mga burges na pulitiko sa gubyerno, kahima’t madaling pagsuyaan ng mga mamamayan ang bawat set ng mga ito matapos mapasakapangyarihan sa pamamagitan ng eleksyon.

Ang mga pangunahing larangan ng marahas na tunggalian ay ang mga bayang di-maunlad at sadlak sa depresyon, kung saan ay di-matiis ang pang-aapi ng mga mamamayan at bansa . Sa kasalukuyan ay namamanipula pa ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo ang karamihan sa mga armadong labanan at napananatili ang paurong nitong katangian, kadalasa’y tulak ng hidwaang etniko at relihiyoso.

Ito'y dahil sa kawalan o kahinaan ng mga Marxista-Leninistang partido ng uring manggagawa. Subalit may mga digmang rebolusyonaryo, gaya ng sa Pilipinas, Peru, Kampuchea, Kurdistan, Colombia, Guatemala at bahagi ng Mexico — sa Chiapas. Ang pinakamalupit na klase ng armadong labanan ay nagaganap sa Bosnia kasunod ng pagkalansag ng Yugoslavia, sa Chechnya sa Rusya, Georgia, Azerbaijan sa Caucasus, Tadjikistan sa Gitnang Asya, sa Sri Lanka sa Timog Asya, at sa Rwanda, Burundi, Somalia, Liberia at Sudan sa black Africa, sa Algeria sa hilagang Africa, at sa Palestina at Lebanon. Ang pinakamabigat na pinsala, sa bilang ng namatay, ay yaong sa Rwanda, na may isang milyong namatay sa masaker at epidemya, at yaong sa Bosnia, na may humigit-kumulang na 300,000 namatay. Sa buong daigdig, umaabot sa ilampung milyon ang napalikas mula sa kanilang pinananahanan dahil sa mga armadong labanan.

Habang lumulubha ang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdig na sistema ng kapitalismo, at lubhang nababanat ang US sa bagong pandaigdig na kaguluhan ng imperyalismo at neo-kolonyalismo, masasamantala ng sambayanang Pilipino ang kalagayan upang magpursige sa armadong rebolusyon. Kung noong una na pagkalaki-laki ang tulong na militar at interbensyon ng E.U. ay hindi masugpu-sugpo ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas ang armadong kilusang rebolusyonaryo, lalong wala ngayong maaasahan ang rehimeng US-Ramos na maipapatupad nito ang kanyang kontrarebolusyonaryong tipo ng kapayapaan at istabilidad.

Bunga ng kilusang pagwawasto, lalo pang tumibay ang kapasyahan ng Partido Komunista ng Pilipinas na pamunuan ang sambayanang Pilipino sa paglulunsad ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at gawin ito sa diwa ng proletaryong internasyunalismo upang mag-ambag sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga proletaryado at mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo at para sa pambansang kalayaan, sosyalismo at sa katapusa'y komunismo.

Masiglang pinauunlad ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mapagkasamang relasyon sa ibang mga partido at organisasyon sa ibang bayan batay sa nagkakaisang pag-unawa sa Marxismo-Leninismo at alinsunod sa mga prinsipyo ng kasarinlan, pagkakapantay, pagtutulungan at kooperasyon. May relasyon ito sa ilampung partido ng mga manggagawa at partido komunista, na makikita sa bilang ng mga nagpaabot ng pagbati ng pakikiisa sa okasyon ng ika-25 anibersaryo ng pagtatatag nito. Pinanguluhan nito ang grupong tagapagkoordina ng internasyunal na Komperensya ng mga Marxista-Leninistang Partido at Organisasyon mula 1992 hanggang 1994, at sa gayo'y gumaganap ito ng aktibong papel upang mapatatag at mapalawak ang hanay ng mga Marxista-Leninistang partido na nagtataguyod at nagtatanggol sa Kaisipang Mao Zedong. Sinisikap nitong ipalaganap ang pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong o Maoismo. Interesado ito sa muling pagtatayo at pagpapanibagong-lakas ng pandaigdig na kilusang komunista.

Kaalinsabay, sinisikap ng Partido Komunista ng Pilipinas na paunlarin ang pinakamalawak na saklaw ng relasyong pansolidaridad laban sa imperyalismo at reaksyon. Pinauunlad nito ang ganitong mga relasyon, anuman ang pang-ideolohiyang posisyon ng mga partido, kilusan at organisasyon na anti-imperyalista ang paninindigan sa mahihigpit na mga usapin. May relasyon ito sa ilandaang ganitong partido at organisasyon sa lahat ng kontinente ng daigdig.

Ang opensiba sa ideolohiya at pulitika ng mga imperyalista, rebisyunista, reaksyunaryo at lahat ng klase ng anti-komunistang petiburges sa daigdig ay napapupurol na ng malubhang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista at ng bagong kaguluhan sa daigdig. Sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, kuyom sa dibdib ng proletaryado at mga mamamayan ng daigdig ang walang maliw na pag-asa sa muling pagdaluyong ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista.

## IV. MGA TUNGKULIN NG PARTIDO

Mahusay na gumagana ang Partido sa ikatlo at huling taon ng kanyang Tatlong-Taong Programa para sa 1992-95. Tupdin natin ang lahat ng itinakda nitong tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ipagpatuloy natin hanggang matapos ang ikalawang masaklaw na kilusang pagwawasto at isulong ang rebolusyonaryong adhikain ng sambayanang Pilipino laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo, burukratang kapitalismo at, partikular ngayon, laban sa rehimeng US-Ramos.

Ang umaalingawngaw na tagumpay natin laban sa mga rebisyunista at oportunistang taksil ay bunga ng muling pagpapatibay natin sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon, militansya sa rebolusyonaryong praktika, pagkilala, pagpuna at pagtatakwil sa mga kapaha-pahamak na resulta ng mga kamalian at krimen ng mga oportunistang taksil at sa anti-Partidong katangian ng kanilang paksyonal na pagtatangkang sagkaan ang kilusang pagwawasto at likidahin ang Partido sa paraang lahatang panig, lantarang pag-aming sila'y nasa labas ng Partido at kumakalaban dito, at ang lantarang pakikipagkutsaba nila sa kaaway.

Hindi sapat na punahin at itakwil lamang ang mga napakalinaw na maling ideya at krimen ng mga rebisyunista at oportunistang taksil, dapat agad na palitan ang winasak nila o kaya'y kumpunihin ang napinsala. Dapat nating bunutin ang ugat ng lahat ng suhetibismo, rebisyunismo, oportunismo, burukratismo at sobrang demokrasya, at tupdin ang mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, nang sa gayo'y mapigil ang pag-ulit at paglago ng mga maling linyang burges na suhetibista, rebisyunista at oportunista.

1. Dapat nating matatag na itaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang teoretikal na gabay sa kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan at sa ating rebolusyonaryong praktika. Buuin ang paglalagom ng karanasan, pagtatasa at pagpuna at pagpuna-sa-sarili, at ang paglilinaw ng mga tungkulin sa lahat ng organo at yunit, at palahukin dito ang

lahat ng kadre at kasapi ng Partido. Palakasin ang praktika ng pana-panahon at napapanahong pagpuna at pagpuna-sa-sarili, na laging nagsisimula sa paglalahad ng mga datos at sa pagnanais na palakasin ang pagkakaisa at laging nagpapatuloy nang may malinaw na layuning magtamo ng mas mataas na antas ng pagkakaisa sa ideolohiya at pulitika.

Tiyakin natin na ang bawat kasapi ng Partido ay nag-aral at may pag-unawa sa mga dokumento ng pagwawasto na inilabas ng Komite Sentral at ng mga komite ng Partido sa rehiyon sa patnubay at aprubal ng Komite Sentral. Iugnay ang mga dokumentong ito sa ating kongkretong karanasan sa rebolusyon. Dapat maipalaganap at mapag-aralan ang pinahusay na bersyon ng batayang kurso ng Partido sa lahat ng organo at yunit. Ang Komite Sentral at ang komite sa mga rehiyon ay dapat maging halimbawa sa pag-aaral ng mga paksa sa intermedya at abanteng kurso ng Partido.

Ang Partido ay dapat magtalaga ng mga tauhan at rekurso upang matiyak na natutupad ang balak sa edukasyon, lalo na ang mga pormal na kurso ng Partido. Paramihin natin ang mga araling materyal para sa mga pormal na kurso at para din sa abanteng pagbabasa ng mga kadre ng Partido. Pasiglahin natin ang sulong na pag-aaral hanggang sa antas ng pagkaunawa sa kritika ng bagong rebisyunismo at sa teorya’t praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, nang sa gayo’y maitaguyod at maipagtanggol ang Marxismo-Leninismo at sosyalismo laban sa opensiba sa ideolohiya ng mga imperyalista at mga kampon nilang anti-komunistang petiburges, at maitaas ang ating rebolusyonaryong kumpyansa sa batayang siyentipiko. 2. Maging matatag tayo sa pagtataguyod sa wastong pagsusuri sa lipunan at rebolusyong Pilipino at sa pangkalahatang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, na may makauring pamumuno ng proletaryado at sosyalistang hinaharap. Pukawin, organisahin at pakilusin ang masa laban sa kaaway, ang pangkating US-Ramos. Ating sundin ang linyang pangmasa. Umasa at magtiwala tayo sa masa. Magpakalalim pa tayo

sa masusing gawaing masa at solidong pag-oorganisa. Palawakin at patatagin natin ang baseng masa para sa rebolusyonaryong pakikibakang umaasa sa sarili.

Ating isagawa ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka. Ang rebolusyonaryong pulitika ay siyang dapat may kumand sa armadong pakikibaka at lahat ng iba pang aktibidad. Palawakin at palalimin natin ang baseng masa sa kanayunan upang makapaglunsad ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya habang nasa yugto tayo ng estratehikong depensiba laban sa kaaway. Isanib pa nating lalo ang armadong pakikibaka sa tunay na reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, mga organisasyong masa at mga kampanyang masa.

Ilunsad natin ang mga armadong taktikal na opensiba ayon sa ating kakayahan. Isagawa lamang ang mga opensibang operasyon na maipananalo natin. Sa papasok na taon, ang mga positibong resulta ng kilusang pagwawasto ay dapat patunayan sa ibayong dalas at lawak ng ating pakikidigmang gerilya.

Ilunsad natin ang legal na pakikibaka bilang pumapangalawa subalit mahalaga at kailangang anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka. Paunlarin natin ang solidong baseng masa para sa mga kampanyang masa. Kailangang ipalaganap ang impluwensya ng rebolusyonaryong kilusang masa sa pamamagitan ng pawalis na propaganda at kampanyang masa. Subalit ang mga ito ay dapat unahan, sabayan at sundan ng solidong pag-oorganisa sa masa. Ang pinakaimportanteng anyo ng legal na pakikibaka ay ang pagbubuo ng mga organisasyong masa at paglulunsad ng mga kampanyang masa, alinsunod sa pambansa- demokratikong linya, kaugnay ng mga tampok na isyu laban sa kaaway.

Ang patakaran at taktika ng nagkakaisang prente ay dapat isagawa kapwa sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka at legal na pakikibaka upang mapalawak ang hanay

ng mga aktibong kalahok at tagasuporta. Humango tayo ng rebolusyonaryong lakas mula sa lahat ng makabayan at progresibong uri, saray, sektor at organisasyon alinsunod sa rebolusyonaryong linya sa uri ng Partido.

3. Tumalima tayo sa simulain ng demokratikong sentralismo, paunlarin natin ang disiplina at demokrasya sa loob ng Partido at iwasan ang burukratismo at sobrang demokrasya. Ipalaganap ang wastong linya ng Partido na pinagpasyahan ng sentral na pamunuan ng Partido.

Dapat nating palakasin ang mga organo ng pamumuno sa lahat ng antas. Pasimplehin ang organisasyon ng Partido upang mabigyan ng pagkakataon ang maraming kadre at kasapi ng Partido na magsagawa ng saligang gawain ng Partido sa batayang antas. Iangat natin sa mga namumunong organo ang mga kadre ng Partido na mahusay ang rekord sa paghawak sa wastong linya at pagtupad sa gawaing masa.

Dagdagan natin nang libu-libo ang kasapian ng Partido upang matupad ang higit na malalaking tungkulin para sa rebolusyon at sa sambayanan. Paraan din ito upang mapawalang-bisa ang antas ng impormasyong nakalap ng kaaway sa mga oportunistang taksil. Himukin natin ang mas maraming kadre at kasapi ng Partido na kumilos sa Bagong Hukbong Bayan at sa hanay ng masa sa kanayunan.

Sa kanayunan ay mahigpit ang pangangailangan sa mga kadre ng Partido mula sa mga manggagawa o kabataang may pinag-aralan. Ipagpatuloy pa rin nating baligtarin ang naging agos pasyudad mula kanayunan ng mga kadre ng Partido noong dekada ’80 at bawiin ang mga pinsalang nilikha ng mga oportunistang taksil at palitan ang mga nalagas na kadre ng Partido sa larangan ng labanan. May pangangailangan ding siguruhin ang kaligtasan ng gawain at buhay ng mga kadre at kasapi ng Partido na lantad sa mga oportunistang taksil at sa kaaway.

Sa paglulunsad ng rebolusyong Pilipino, binubuklod tayo ng diwa ng proletaryong internasyunalismo. Sa proseso ng ating pakikibaka upang kamtin ang pambansang kasarinlan at

demokrasya laban sa imperyalismo, rebisyunismo at reaksyon, ginagampanan din natin ang ating bahagi sa pandaigdig at makasaysayang tungkulin ng proletaryado na palayain ang sangkatauhan mula sa imperyalismo at itayo ang sosyalismo sa dakila't pangkasaysayang transisyon tungo sa komunismo.

# Ang Tatlong-Taong Programa ng Partido Komunista ng Pilipinas

Inaprubahan ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral at Isinaayos ng Kawanihang Pampulitika noong Disyembre 1993

**Tala Bilang Introduksyon:**

Ang Tatlong-Taong Programa (Agosto 1992 hanggang Agosto 1995) ay inaprubahan ng Komite Sentral (KS) sa kanyang ika-10 Plenum. Ito ay nirepaso at isinaayos ng Kawanihang Pampulitika noong Disyembre 1993 matapos matasa ang sitwasyon ng Partido sa proseso ng kilusang pagwawasto. Ang pangkalahatang istruktura at daloy ng orihinal na dokumento ay pinanatili hanggang maaari.

Ang mga susog ay pangunahing nagtuon sa sumusunod:

- paglilinaw ng mga tungkulin sa pakikibaka sa kampanyang anti-Partido ng mga oportunistang taksil;
- higit na paglilinaw ng introduksyon sa kabuuang sirkunstansya ng kilusang pagwawasto;
- malinaw na pagtukoy sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong bilang teoretikong patnubay ng Partido;
- pagpapatampok ng mga tungkulin sa gawaing masa sa pagsusulong ng digmang bayan; at
- pag-atras ng itinakdang panahon ng pagkatupad ng ilang pangunahing tungkulin bunga pangunahin ng mga dagdag na asikasuhin kaugnay ng pakikitunggali sa kampanyang anti-Partido. Ang Pambungad at Seksyong I lamang ang inilalathala.

**PAMBUNGAD**

Walang kasing-inam ang sitwasyon sa bansa para ibayong isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang mahigpit na paghawak sa katotohanang ito ay mahalaga sa mahigpit na paghawak sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Hindi dapat pagsawaan ng sinumang rebolusyonaryo ang paulit-ulit na pagsasabi at pagpapaunawa sa masa ng bagay na ito. Ito ay paggigiit sa kawastuan at pangangailangan ng pagpupursige sa demokratikong rebolusyong bayan.

Sa nakaraang mahigit isang dekada, hindi natin tuluy-tuloy na wastong napanghawakan ang napakainam na sitwasyon upang ibayong isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas. Dulot ito pangunahin ng malulubhang pagkakamali at paglihis sa linya, mga patakaran at mga saligang prinsipyo ng Partido. Ang adbenturismong militar at insureksyonismo, imbes na magbunga ng pinapangarap na pagpapabilis ng mapagpasyang tagumpay ng rebolusyon, ay lumikha ng wala pang kaparis na mga pinsala sa mga rebolusyonaryong pwersa at nasamantala ng kontrarebolusyonaryong disenyo ng kaaway na nagtangkang wasakin ang Partido at hukbong bayan.

Sa halip na magwasto at pumailalim sa ikalawang dakilang kilusang pagwawasto at sa mga desisyon ng ika-10 plenum ng Komite Sentral, ang mga pangunahing tagapagtaguyod ng adbenturismong militar at insureksyonismo ay naglunsad ng kontrarebolusyonaryong kampanyang demolisyon sa tangkang pigilan ang kilusang pagwawasto, hatiin at wasakin ang Partido at sagkaan ang pag-abante ng demokratikong rebolusyong bayan. Matapos mabigo ang kanilang imbing pakana, ang mga anti-Partido at kontrarebolusyonaryong taksil ay tahasang nagpapalaganap ng repormismo, parlamentarismo, rebisyonismo, likadisyunismo at kapitalusyonismo, gaya ng pangkating Lava-Taruc matapos mahiwalay at maitakwil ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa unang dakilang kilusang pagwawasto na kaakibat ng muling pagtatatag ng Partido.

Kung wala ang unang dakilang kilusang pagwawasto at ang paglalantad at pagtatakwil sa bangkaroteng linya ng

parlamentarismo, rebisyonismo, kapitulasyunismo at likadisyunismo ng pangkating Lava-Taruc, hindi maaaring naitatag muli ang Partido at nakapagpanibagong-lakas ang rebolusyong Pilipino. Kung wala ang kasalukuyang kilusang pagwawasto upang ilantad at itakwil ang bangkaroteng linya ng parlamentarismo, rebisyonismo, kapitulasyunismo, paksyunalismo, isplitismo at likadisyunismo ng mga oportunistang taksil na pinamumunuan nina Tabara, Kintanar, Reyes at Lagman, hindi maaaring makaahon ang Partido at rebolusyonaryong kilusan mula sa malalaking pinsala at malulubhang kahinaang likha ng mga nakaraang paglihis at pagkakamali.

Binigo ng ikalawang dakilang kilusang pagwawasto ang ambisyosong pakana ng mga kaaway sa loob at sa labas na wasakin ang ating Partido, hukbong bayan at nagkakaisang prente. Bigung-bigo ang mga oportunistang taksil sa kanilang kampanyang demolisyon na buong kapalaluang inilunsad mula noong Setyembre, 1992 matapos ang matagumpay na pagdaraos ng ika-10 plenum ng Komite Sentral. Bigung-bigo rin ang Oplan Lambat-Bitag III ng rehimeng US-Ramos na hibang na naghangad ng istratehikong tagumpay noong 1993 laban sa armadong rebolusyong bayan.

Napakahalagang isulong natin hanggang sa ganap na tagumpay ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto. Panghawakan natin nang mahigpit ang mga aral na nahalaw sa paglalagom ng ating rebolusyonaryong karanasan sa mga nakaraang dekada mula nang muling itinatag ang ating Partido sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Muli nating pagtibayin ang mga saligang prinsipyo at iwasto ang mga pagkakamali. Bigyan natin ng partikular na diin ang mahigpit na pagsapol sa mga aral mula sa maigting na tunggalian sa linya at sa buhay-at-kamatayang pakikibaka laban sa todong pangwawasak ng mga oportunistang taksil.

Hangga't wasto at matatag ang linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido na pinunong pampulitika ng proletaryado at rebolusyong Pilipino, tiyak na susulong ang

rebolusyon at patuloy na mapahihina hanggang sa tuluyang maibuwal ang reaksyunaryong paghahari ng imperyalismong US at mga lokal na papet nito.

Ang demokratikong rebolusyong bayan ay makasusulong nang ibayong sigla sa ilalim ng wastong pamumuno ng Partido. Dapat tayong magpunyagi sa matagalang digmang bayan, sa estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan at sa lahatang-panig at payugtu-yugtong pag-iipon ng lakas hanggang sa marating natin ang yugto ng estratehikong opensiba na wawasak sa reaksyonaryong estado't aagaw sa kapangyarihang pampulitika upang maitayo ang demokratikong pamahalaang bayan at agad masimulan ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa buong bansa. Ang rehimeng US-Ramos, bilang kasalukuyang pinuno ng reaksyunaryong estado at pangunahing papet ng imperyalismong US ang pangunahing target ng rebolusyonaryong pakikibaka. Si Ramos ay isang presidenteng halal sa botong minorya, na nangungulo sa isang sistemang nasa malubhang krisis, higit na kaunti ang tulong sa pinansya, ekonomya at militar mula sa dayuhan kaysa sa mga nakaraang rehimen.

Sagana ang mga oportunidad para mabilis na ilantad at ihiwalay ang rehimeng US-Ramos at masigasig na palawakin at palakasin ang kilusang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista.

## I. MGA TUNGKULIN

Ang tatlong taong programang ito ay binalangkas batay sa mga tungkuling itinakda sa dokumento ng kilusang pagwawasto "Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali" at mga patakarang pinagpasyahan ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral.

Mga layunin ng tatlong taong programa ay ang ss:

1. Iwasto ang mga pagkakamali, paglihis at mga kahinaan. Tuntunin ang tamang landas, baligtarin ang tunguhin sa pagliit at paghina ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersang tuwirang pinamumunuan nito at pagsikapang kamtin ang ibayong lakas sa pakikibaka at lahatang-panig na pagsulong.

2. Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ilantad, labanan at ihiwalay ang rehimeng US-Ramos. Isulong ang digmang bayan nang buong tatag, sa wastong landas at sa mapanlikhang paraan.

3. Kamtin ang ibayong mga tagumpay sa papalapad na pagsulong nang may sapat na lalim at tatag ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan at kalunsuran at naaayong pagtataas ng antas batay dito sa isang banda, at higit na pagpapahina sa kaaway at naghaharing sistema sa kabilang banda.

Ang mga pangunahing tungkulin ay ang ss:: 1. Iwasto ang mga pagkakamali at higit na palakasin ang Partido sa paraang lahatang-panig.

1.1. Ang masinsing gawaing pang-ideolohiya at konsolidasyon ng Partido ay absolutong rekisito sa paggampan nito ng mga tungkuling pampulitika. 1.2. Unawain at mahigpit na sapulin ang mga mayor na tagumpay at problema ng Partido. Iwasto ang mga paglihis at pagkakamali na lumalabag sa ating mga saligang prinsipyo at bumabalewala sa masikhay na pagpupundar, pakikibaka at mga sakripisyo ng ating Partido, ng mamamayan at mga rebolusyonaryong martir. 1.3. Pag-aralan ang teoryang Marxista-Leninista at bakahin ang suhetibismo — ang mga tunguhing dogmatista, empirisista at rebisyunista. Ipatupad ang 3-antas ng pormal na mga kurso sa Marxismo-Leninismo -Kaisipang Mao Zedong: batayan, intermedya at abanteng kurso. Palaganapin at pasiglahin ang tuluy-tuloy na kolektibo at indibidwal na pag-aaral sa labas ng mga pormal na kurso at kaakibat ng proseso ng pakikibaka, pagtakbo ng buhay pampartido at pagtataas ng kolektibong karanasan at praktikal na kaalaman sa antas ng teorya. Walang humpay na paunlarin ang Marxista-Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan. Pataasin ang kamulatan ng Partido hinggil sa linya at mga patakaran. 1.4. Itaguyod ang antirebisyunistang linya ng Partido. Patuloy na ipalaganap ang mga sulatin sa teorya, kasaysayan at sosyo-pulitika tungkol sa sosyalistang rebolusyon

at rebisyunismo upang mapalawak at mapalalim ang kaalaman at pag-unawa ng mga kadre at kasapi ng Partido. 1.5. Itaguyod ang demokratikong sentralismo at puspusang bakahin ang burukratismo, ultrademokrasya, sektarismo, paksyunalismo, isplitismo, at iba pang paglihis sa demokratikong sentralismo. Pasiglahin ang demokrasya sa loob ng Partido sa gabay ng mga saligang prinsipyo ng Partido at sa loob ng mga istruktura at hangganan ng Partido at laluna sa pamamagitan ng lahatang-panig na saligang buhay pampartido. Paunlarin kapwa ang disiplina at kalayaan sa loob ng Partido. 1.6. Paunlarin ang wastong estilo at mga pamamaraan ng paggawa. Dapat itong isagawa sa pamamagitan ng mahigpit na pag-uugnay ng teorya sa praktika, pagtalima sa prinsipyo at praktika ng demokratikong sentralismo, mahigpit na pag-ugnay sa masa, at regular na pagsasagawa ng pagpuna-at-pagpuna sa sarili para mapaunlad ang gawain, maiwasto ang mga pagkakamali at mapatibay ang pagkakaisa ng Partido. Itaguyod ang diwa at estilo ng "simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka."

1.7. Patatagin ang gawain sa batayang antas at ang saligang buhay pampartido. Bawat kasapi ng Partido ay dapat pumaloob sa batayang yunit ng Partido at aktibong lumahok sa mga saligang gawain ng Partido (edukasyon, propaganda, pagrerekrut). Walang kadre ng Partido, anuman ang ranggo ang libre sa pagiging kagawad ng isang batayang yunit ng Partido.

1.8. Palakihin ang kasapian ng Partido at patatagin ang saligang buhay pampartido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang paglaki ng kasapian ng Partido ay nararapat na produkto ng paglawak ng baseng masa at konsolidasyon nito. Paunlarin ang komposisyon ng mga yunit ng Partido sa iba't ibang antas sa pamamagitan ng pagrekrut mula sa mga manggagawa at intelektwal. 1.9. Itayo ang isang malakas, nagkakaisa, at wastong sentral na pamunuan ng Partido. Dapat ipatupad ang regular at takdang sistema ng mga pulong, kolektibong pag-aaral, pagtatasa, pagpupunahan at masiglang palitan ng impormasyon. 1.10. Bakahin ang burukratismo. Pasimplehin ang istruktura ng Partido kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Lusawin ang mga di kinakailangang istap, bigyan ng prayoridad ang dispusisyon

sa gawain sa batayang antas. Iwasto ang masasamang gawi tulad ng mga pulong na labis ang haba, mga debateng walang katapusan at mahahabang papel na kumakain ng panahong mas makabuluhang gugulin sa tuwirang gawaing pampulitika, paglutas ng mahahalagang problema at pagsubaybay at pamumuno sa mga pwersa at gawain sa batayang antas.

1.11. Bakahin ang ultrademokrasya. Muling linawin ang daloy ng demokratikong sentralismo, takdang hangganan ng kapangyarihan at awtoridad ng mga organo sa iba't ibang antas. Bakahin ang petiburges na liberalismo at indibidwalismo sa pagtangan ng mga usapin sa organisasyon.

1.12. Bakahin ang paksyunalismo, isplitismo, likadisyunismo at kapitulasyunismo. Ilantad at ihiwalay ang mga oportunistang taksil at itakwil ang mga bangkaroteng linyang patuloy nilang inilalako at nagsisilbi sa kontrarebolusyonaryong disenyo ng rehimeng US-Ramos.

1.13. Mahigpit na ipatupad ang mga panuntunan at pananggalang laban sa isteryang anti-impiltrasyon. Tiyakin ang mahusay na edukasyon sa buong kasapian at masa, ng sistema at mga prinsipyo ng rebolusyonaryong hustisya, at mga tuntunin ng rebolusyonaryong gubyernong bayan. Gayunman, mantinihin ang pagmamatyag para hindi makapasok sa Partido ang mga masasamang elemento, karerista at ahente ng kaaway. Kumpletuhin ang rebyu ng mga kampanyang anti-impiltrasyon na inilunsad sa iba't ibang rehiyon sa nakaraan.

1.14. Pangalagaan ang seguridad ng Partido. Ipatupad ang pagbabase sa kanayunan ng mga pambansang organo at mga komisyon sa teritoryo at rehiyon maliban sa MR. Idispusisyon sa kanayunan ang mga maiinit na tauhan at kadre sa kalunsuran tungo sa kanayunan. Palawakin at patatagin ang kilusang lihim na nakasandig sa baseng masa at mahusay na gawaing pampulitika.

2. Magpursigi sa digmang bayan, isulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng suporta ng patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

2.1. Isulong ang digmang bayan sa paraang papalawak at papalapad nang may kaalinsabay na pagpapatatag. Bigyang-diin ang pag-abot sa malaking bilang ng mamamayan at mas maraming mga erya. Magtayo ng mas maraming larangang gerilya. Palakihin at palakasin ang BHB sa pamamagitan ng pagtatayo ng higit na maraming platun bilang karaniwang pormasyon.

2.2. Sinupin ang ating mga patakaran at pamamaraan sa gawaing masa at atupagin nang puspusan ang pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa bilang susing kawing sa muling paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Palakasin ang mga yunit ng Partido at paramihin ang mga yunit ng hukbo na nakatuon sa mga gawain sa pagpapalawak at pagpapatatag sa batayang antas at mga lokalidad. Magtalaga dito ng pinakamaraming maaaring kadre at aktibistang masa at matamang sanayin at gabayan sila upang magpakahusay sa mga prinsipyo at pamamaraan ng linyang masa, solidong pag-oorganisa, linya at pakikibakang antipyudal, pagsusulong ng iba't ibang tipo ng mga kampanyang masa, pagkukumbina ng iba't ibang tipo at anyo ng organisasyon at pakikibaka, at pagbubuo ng mga batayang yunit ng Partido. Lagumin ang mga karanasan sa pagbubuo ng baseng masa sa kanayunan.

2.3. Palawakin at palakasin ang mga saligang organisasyong masa sa kanayunan alinsunod sa antipyudal na linyang makauri at solidong pag-oorganisa. Ikumbina ang mga iligal na anyo ng organisasyong masa sa mga tradisyunal at ligal na anyo upang maksimisahin ang maniobra at kakayahang magpursigi ng kilusang masa sa harap ng pananalakay ng kaaway. Dapat magpakahusay sa rebolusyonaryong dalawahang taktika, pangangalaga sa seguridad at lihim na pagkilos, at pagpapalawak ng ugnay sa at suporta mula sa mga progresibong elemento sa kalunsuran.

2.4. Ipalaganap at sistematisahin ang implementasyon ng minimum na programa at mga patakaran at paraan sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng masa sa kanayunan .Ikumbina

ito sa iba pang kampanyang masa sa edukasyon, organisasyon, pulitika, produksyon, kalusugan at iba pa upang lahatang-panig na palawakin at patatagin ang baseng masa sa kanayunan at sustinidong paunlarin ang mga rekisito sa pulitika, ekonomiya at kultura para sa pagsulong ng digmang bayan.

2.5. Itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas ng mga baryo sa batayan ng malawak na relatibong konsolidadong erya, isang antas ng katatagan ng batayang alyansang antipyudal, mga tagumpay na nakamit sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, kumpyansa ng batayang masa sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga panggitnang pwersa at mga tagumpay pang-militar sa saklaw na erya. Ang pagtatayo ng organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas ng munisipalidad ay nararapat ibatay sa mga tagumpay sa pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas ng baryo at pagpapasyahan sa antas ng rehiyon ng may kaukulang konsultasyon sa sentral na pamunuan ng Partido. Paunlarin ang kakayahan ng mga kasapi ng Partido sa lokalidad at mga masang aktibista sa pagpapa-andar ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika upang mahusay na makakumbina ng mga buong-panahong pwersa ng Partido at hukbo na kumikilos sa teritoryo.

2.6. Bakahin ang repormismo’t ekonomismong inilalako ng mga oportunistang taksil, popdem, socdem at mga ligal na institusyong nagpapailalim nga sana sa atin ngunit napatatali naman sa pagtupad sa mga dikta ng mga funding agencies at sinagasaan ang mahusay na takbo ng gawaing masa,winawasak ang pagkakaisa ng masa at binubuwag ang mga saligang organisasyong masa at mga Sangay ng Partido sa mga eryang pinaglulunsaran ng kanilang mga proyekto.Aktibong labanan at makitunggali sa ideolohiya’t pulitika sa mga oportunistang taksil, popdem at socdem at huwag nating hayaang makapasok sila sa ating mga saklaw na teritoryo. Agad silang palayasin sa ating mga eryang sa iba’t ibang kadahilanan ay kanilang napasok at nalunsaran ng mga proyekto kapag malinaw nang sumasagka sa ating gawaing masa ang kanilang presensya doon.

2.7. Pagpunyagiang mapabalik sa ating pamumuno ang mga opisyal at kawal ng BHB at mga saligang organisasyong masa na nalinlang ng mga oportunistang taksil. Kagyat na ipailalim sa reedukasyon at kilusang pagwawasto ang mga nahahatak na mga elemento. Habang hindi pa puspusang nailalantad at kung walang utang na dugo, iwasan ang armadong komprontasyon sa mga armadong pwersang nalinlang ng mga oportunistang taksil at magsimula sa panghihikayat na muli silang pumailalim sa absolutong pamumuno ng Partido. Agad palayasin sa ating sona at larangang gerilya ang sinumang ringlider at mga kasapakat nila na naghahasik ng paninira't intriga laban sa Partido. Aarestuhin ang sinumang sagad-saring kontra na magtatangkang lumikha ng kaguluhan at mang-uupat ng pag-aalsa laban sa Partido at hukbong bayan sa ating mga sona at larangang gerilya. May hiwalay na memorandum para dito.

2.8. Palaganapin at paunlarin ang mga yunit ng milisyang bayan upang palaganapin at pasiglahin ang partisipasyon ng masa sa mga tungkulin sa paglaban sa mga operasyon ng kaaway, pagsuporta sa mga opensiba ng mga yunit gerilya at pangangalaga sa rebolusyonaryong katiwasayan.

2.9. Tiyakin ang absolutong pamumuno ng Partido sa BHB. Konsolidahin ang mga yunit ng BHB sa pamamagitan ng masinsing gawaing pang-ideolohiya at pampulitika. Iwaksi ang maling mga konsepto ng mga yunit ng BHB na buong-panahong pwersang panlaban na hiwalay o libre sa gawaing masa at produksyon, gayundin ang mga kaisipan at tendensyang lantay militar, adbenturistang militar at komandista.

2.10. Pasimplehin ang istruktura ng kumand ng hukbo sa antas ng larangan pataas upang italaga ang mas maraming kadre sa mga gawain sa batayang antas. Alisin ang di pa kinakailangang andana at ang duplikasyon ng mga yunit sa istap habang pinananatiling may umaasikaso sa karampatang antas ng mga pinakaimportanteng serbisyo gaya ng pagsasanay, pagsubaybay sa sitwasyong militar, eksplosibo't ordnans at medikal.

2.11. Ang pormasyong kumpanya sa antas ng rehiyon o malalaking larangang gerilya ay maaaring panatilihin batay sa

kabuuang latag ng mga pwersang pahalang at kakayahan sa kadre, tauhan at lohistika. Gayunman, dapat tiyaking ang nakatalaga sa mga kompanya sa isang rehiyon ay hindi lalampas sa sangkatlo ng kabuuang lakas-tauhan at lakas-riple sa saklaw. Upang hindi matali sa makitid na lugar at maging pabigat sa masa at pondo ng Partido, ang pwersa ng mga kompanya ay dapat ikalat sa mga platun at iskwad sa isang takdang saklaw kapag wala sa taktikal na opensiba o pagsasanay-militar.

2.12. Repasuhin at ayusin ang mga kurso sa pagsasanay ng BHB alinsunod sa mga prinsipyo ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya, masikhay na gawaing masa, absolutong pamumuno ng Partido at pagbubuo ng hukbong bayan, at ipalaganap pagkatapos ang pagsasanay sa gabay ng mga ito.

2.13. Ilunsad ang mga taktikal na opensibang kayang ipagwagi at nakabatay sa lakas pampulitika, nakatutok sa mga mahihinang bahagi ng kaaway at gumagamit sa konsentrasyon ng mas superyor na pwersa at elemento ng sorpresa. Paduguin ang kaaway sa pamamagitan ng libu-libong sugat sa katawan na sinasalitan ng piling bigwas sa ulo sa pana-panahon. Dapat pagbayarin nang mahal ang mga pormasyon ng kaaway na umaatake at nagsasagawa ng mga matagalang operasyong militar. Magpakahusay sa mga taktikang gerilya na gumagamit ng konsentrasyon, paghihiwa-hiwalay at pagpapalipat-lipat ayon sa sitwasyon at mga gawain, at pag-akit sa kaaway sa pinakakaloob-looban.

3. Paunlarin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran na nagsusulong sa interes ng masa roon at naglilingkod sa armadong pakikibaka at kilusan sa kanayunan, at kumakabig sa milyun-milyong mamamayan sa kalunsuran papalapit sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

3.1. Iwaksi ang insureksyunismo at mahigpit na panghawakan ang wastong oryentasyon ng pakikibakang lunsod: pangunahi’y ligal at depensibo at sumusuporta sa armadong pakikibaka at kilusang antipyudal sa kanayunan. Ang mga tagumpay sa kilusan at pakikibakang lunsod ay masusukat sa papalaking bilang ng mamamayang napalalahok sa mga aksyong

masa, papalaking bilang ng mamamayang nakapaloob sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa, pagpapatindi ng krisis sa pulitika ng reaksyon, at papalaking suporta sa kilusan sa kanayunan. Bakahin ang mga kaisipang nagmamadali sa pagpapasambulat ng pag-aalsang lunsod sa pamamagitan ng mga artipisyal na paraang militarista at ahenteng probokador at mga pangkalahatang paralisasyon at malakihang kumprontasyon na lampas sa kakayahan, na kinukumbinasyunan ng pulitikang populista at sobrang pagdidiin sa taktikang koalisyon sa hangad na mabilis na kabigin ang karaniwang mamamayan tungo sa pusisyong insureksyunaryo. Itaguyod ang lahatang-panig at masikhay na pag-iipon ng rebolusyonaryong lakas ng kilusan sa kalunsuran para sa papataas na ikid ng interaksyon sa armadong kilusan sa kanayunan — sa walang humpay pero hakbang-hakbang na pagpapalakas ng rebolusyon at pagpapahina sa reaksyon.

3.2. Palawakin, palalimin at tiyaking tuluy-tuloy ang suyod ng ahitasyon-propaganda, pag-oorganisa at tuwirang pamumuno sa masa sa batayang antas. Ang gawain sa konsolidasyon at solidong pag-oorganisa ay hindi dapat labis na mahuli sa ekspansyon at pasaklaw na gawain. Mailulunsad natin ang iba't ibang tipo ng ligal na pakikibaka kung antimano ay may solidong pag-oorganisa sa masa sa batayang antas. Sa pamamagitan ng mga organisasyong masa ay pwedeng mobilisahin ang malaking bilang ng mamamayan at mailunsad ang lahat ng tipo ng mga demokratikong aksyon sa kanilang lugar paggawa, komunidad, mga bulwagan, mga kalsada at sa mga bakuran ng mga upisina ng reaksyunaryong gubyerno.

Dapat maglunsad ng mga propaganda-ahitasyon, kampanyang edukasyon at mga pakikibakang masa sa mga isyung sektoral o multi-sektoral kaugnay ng malubhang krisis sosyo-ekonomiko, laban sa mga anti-mamamayan at kontrarebolusyonaryong mga patakaran, programa at mga pakana ng rehimeng US-Ramos, laban sa imperyalismong US. Sa pana-panahon, maaaring itakda sa pambansang antas at panrehiyong antas ng mga kinauukulang organo ang mga lundo ng mobilisasyon depende sa umiiral na sitwasyong sosyo-pulitikal

sa bansa. Sa kagyat maaaring ihanay na mga isyung dapat inugan ng propaganda-ahitasyon at pagpapakilos sa partikular na uri/sektor at mamamayan ang sumusunod: - laban sa pagpapataas ng sahod at pagpapabuti ng kalagayan sa paggawa ng mga manggagawa - laban sa mga mapaniil na batas sa paggawa laluna ang labor only contracting, patakarang walang unyon/walang welga sa mga sentrong industriyal - laban sa patuloy na pagtaas ng halaga ng edukasyon, komersyalisasyon ng edukasyon, DECS 2000 at iba pa. - Laban sa tunay na reporma sa lupa at pagtatakwil sa huwad na programa sa reporma sa lupa, laban sa land conversion, anti-integrated socialized forestry program (ISFP) o CARP-D, anti-Low Income Upland Community Development Program (LIUCDP), anti-medium term agricultural development program (MTADP), at anti- agrarian reform communities (ARC), mababang sahod, mataas na presyo ng abono pestisidyo at laban sa usura ng mga asendero komersyante usurero (AKU) at panunupil sa kilusang magsasaka at matinding militarisasyon sa kanayunan para sa mga magsasaka at mangagawang bukid; - ang isyu ng mababang sweldo, anti-salary standardization law (SSL), anti-Local Government Code (LGC) at panunupil sa karapatan at kalayaan para sa mga guro at mababang-kitang empleyado ng gobyerno. - pagtaas ng halaga ng bilihin; pagtaas ng presyo ng langis at gasolina; pagtaas ng presyo ng koryente at tubig; matinding kahirapan at kawalan ng hanapbuhay; debalwasyon ng piso; patuloy-sa-paglaking-utang-panlabas; malaking badyet ng gobyerno na mas malaking porsyento ang laan sa pagbabayad ng utang panlabas, gastos sa paniktik at depensa at mga pondong pork barrel ng mga burukratang kapitalista; korupsyon o katiwalain sa gobyerno; anti-Pilipinas 2000 o anti-medium term philippines development program (MTPDP) at lahat ng mga ibat'ibang isyung kakabit ng programang ito; pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal; militarisasyon at pagyurak sa karapatang pantao; at anti-di makatarungang tratado sa Estados Unidos sa usapin ng akses at depensang mutwal.

3.3. Patuloy na palawakin at palakasin ang mga unyon ng manggagawa na nasa pamumuno ng Partido, gayundin ang iba pang tipo ng organisasyong masa ng mga malamanggagawa at maralitang tagalunsod.

3.4. Pag-ibayuhin ang pagpapalawak at pagpapasigla ng kilusan ng kabataan-estudyante at ang kilusang propaganda para sa pambansa-demokratikong pakikibaka.

3.5. Ang mga operasyong partisano ay ipatutupad nang may mataas na antas ng pagkaselektibo, at sa paraang hindi makapipinsala sa ligal at depensibong katangian ng pakikibaka sa mga syudad at hindi makakasapaw sa mga tunggalian sa pagitan ng mga reaksyunaryo. Dapat paliitin at pasimplehin ang organisasyon ng pwersang partisano, at ipatupad para sa mga tauhan at upisyal nito ang rekisito sa 2 taong karanasan at patuloy na pana-panahong pagtatalaga sa kanayunan. Liban sa mangilan-ngilan, hindi dapat mahiwalay sa produktibong buhay at sa gawaing masa (low profile) ang mga pinili, at sinanay na mga personnel na nagkokonsentra lamang kapag may mga kinakailangang ispesyal na operasyon at handang lumipat ng kanayunan kung kinakailangan anumang sandali.

4. Paunlarin ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente batay sa rebolusyonaryong linya sa uri, laban sa pinakasagadsaring reaksyunaryong paksyon, at aktibong nagpapalala at sumasamantala sa mga pagkakahati-hati ng mga reaksyunaryo.

4.1. Paunlarin ang ating mga taktika sa nagkakaisang prente para mapalawak ang suporta sa armadong pakikibaka at ligal na demokratikong kilusan.

4.2. Itayo ang NDF bilang lihim na organisasyon sa nagkakaisang prente ng mga saligang pwersa ng rebolusyon para sa armadong pakikibaka. Ito ang pinakasulong at pinakakonsolidadong organisasyon sa nagkakaisang prente na pinamumunuan ng uring manggagawa at para sa pagpapatupad ng 2-yugtong rebolusyong Pilipino. Itatayo nito ang nagkakaisang prente ng mga lihim na mga organisasyong masa sa batayang

konsultatibo, konsenswal, kumperensyal at kooperatibo. Ilantad at ihiwalay ang mga oportunistang taksil na nagtatangkang gamitin ang NDF sa kanilang kontrarebolusyonaryong pakanang hati-hatiin at wasakin ang Partido, hukbong bayan at nagkakaisang prente.

4.3. Palawakin ang iba't ibang antas ng relasyon at pakikipagtulungang bilateral at multilateral sa ibang progresibong organisasyon, grupo at elemento sa kilusang ligal.

4.4. Palawakin ang rebolusyonaryong gawain sa loob ng mga reaksyunaryong institusyon.

4.5. Palalain at samantalahin ang pagkakahati-hati ng mga reaksyunaryo sa pamamagitan ng paghihiwalay at paggapi sa pinakareaksyunaryong paksyon sa isang panahon. Ang patakaran ng Partido ay ang paggapi nang isa-isa sa mga reaksyunaryong paksyon at sa proseso nito ay palakasin ang rebolusyonaryong kilusan.

4.6. Ilantad ang kahungkagan ng mga reaksyunaryong eleksyon. kaalinsabay, gamitin ang mga reaksyunaryong eleksyon para ipalaganap ang pambansa-demokratikong linya at mahikayat ang mga progresibong partido at mga kandidato na itaguyod ang mga interes at pakikibaka ng mamamayan. Ito ay umaalinsunod sa rebolusyonaryong dalawahang taktika laban sa kontrarebolusyonaryong dalawahang taktika.

4.7. Itaguyod ang linya ng makatarungan, matagalan at mapagpalayang kapayapaan sa isyu ng negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno. Itaguyod ang pagpupursigi sa demokratikong rebolusyon ng bayan bilang garantiya sa pagkakamit ng makatarungan, matagalan at mapagpalayang kapayapaan habang patuloy na nagbubukas sa posibilidad ng pormal na negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong gobyerno.

Ilantad ang kontrarebolusyonaryong pakana ng rehimeng US-Ramos na gamitin ang pag-uusap pangkapayapaan para uk-ukin at papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan. Dapat pagmatyagan at bakahin ang mga pakanang lokal na tigil-putukan,

dayalogo at pagpapasurender ng reaksyunaryong gubyerno. Dapat mahigpit na panindigan at itaguyod ang bilateral na pag-uusap sa pambansang antas, sa angkop na lugar sa labas ng bansa at may internasyunal na ikatlong partido.

Ilantad ang kontrarebolusyonaryong pakana ng rehimeng US-Ramos na gamitin ang mga oportunistang taksil upang linlangin ang mga mamamayan at papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng sarswelang ang pagnanais ng mga oportunistang taksil na sumurender sa kanila ay siyang tindig ng Partido, hukbong bayan at NDF kaugnay ng mapanlinlang na prosesong pangkapayapaan na kanilang ipinangangalandakan. Kaalinsabay ito ng paggamit sa mga oportunistang taksil upang patindindihin ang panghahati't pangwawasak sa rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng psy-war at madudugong intriga.

5. Itaguyod ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at linyang anti-imperyalismo sa ugnayang panlabas. Palawakin ang ugnay at pakikipagtulungan sa lahat ng pwersang Marxista-Leninista at anti-imperyalista sa ibayong-dagat. Palawakin ang pag-oorganisa sa mga kababayan sa ibayong-dagat.

Ilantad at labanan ang kontrarebolusyonaryong pakana ng mga oportunistang taksil na papanghinain ang ating gawaing solidaridad sa labas ng bansa sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga paninira, intriga't disimpormasyon laban sa Partido, hukbong bayan at NDF kaalinsabay ng paglalako ng rebisyonismo, Gorbachovismo at anti-komunismo.

Ang mahigpit na mga rebolusyonaryong tungkulin ay dapat ipatupad at gampanan nang puspusan, walang pag-aalinlangan, puno ng kasigasigan, buong determinasyon at kahandaan sa mga kahirapan at sakripisyo. Sa tatlong taong programang pinagtibay ng Komite Sentral ipatutupad ang kilusang pagwawasto habang pinag-iibayo ang paglaban sa rehimeng US-Ramos.